# "Hiyas At Haraya:" Ang Dinamika ng Kapital Mula sa Karanasan ng mga Mag-Aalahas sa Meycauayan, Bulacan

## *"Jewelry Narratives:" The Dynamics of Capital Based on the Experiences of Jewelers in Meycauayan, Bulacan*

**Mr. Vladimir B. Villejo, LPT, M.A.**
National University, Philippines
De La Salle University

**Ms. Leslie Anne L. Liwanag, Ph.D.**
De La Salle University

## ABSTRAK

Ang pag-aalahas sa Meycauayan, Bulacan ay nagsilbing isa sa mga industriyang pangkabuhayan bukod pa sa mga produktong yari sa katad (balat), mga gawang-kamay, at pagpapanday. Layunin ng papel na siyasatin ang pag-aalahas sa pamamagitan ng dinamika ng kapital ni Pierre Bourdieu at balangkasin ang sistema ng industriya sa pamamagitan ng *value-chain process* ni Michael Porter. Natuklasan sa pag-aaral na ito ang mga dominanteng naratibo ng kultural kapital gaya ng paglinang sa kaalaman at kasanayang pampag-aalahas, naratibo ng panlipunang kapital mula sa mga kamag-anak, kakilala, at kaibigan, at naratibo ng ekonomikal na kapital na nagsilbing kukunang-yaman ng mga kalahok sa pagsisimula at pagtataguyod ng industriya. Napag-alaman din ang mga naratibo sa link ng operasyon na kumakatawan sa kasanayang pamplatero at mananara. Ipinapakita sa pag-aaral na ito ang ugnayang kliyente-mag-aalahas at naratibo ng katanyagan na nakapagpapatibay ng ugnayan na ito. Sinusuri rin ang mga naratibo ng pagawa, remedyo, at pasadya na pangunahing bentahe ng mga kalahok sa kapanatilihan ng buhay na industriya ng makasaysayang pag-aalahas. Nagsilbing mahalagang kultural na praktika at ideolohiya ang mga ito tungo sa mas makabuluhang kalinangang pambayan at lokal na industriyang kaakibat ng isang makasaysayang lugar.

**Mga Susing Salita:** pag-aalahas, platero, pag-aalahas sa Meycauayan, Bulacan, value-chain process, teorya ng kapital

## ABSTRACT

The jewelry industry in Meycauayan, Bulacan has served as one of its livelihood industries aside from leather products, handicrafts, and blacksmithing. This paper aims to examine the jewelry industry by employing the dynamics of capital of Pierre Bourdieu's theory of capital and to outline the industry's system through Michael Porter's value-chain process. Dominant narratives of cultural capital, such as the natural acquisition of jewelry-making skills, narratives of social capital from relatives, acquaintances, and friends, and narratives of economic capital that served as resources for participants in starting and supporting the industry. There are also narratives in the operational link representing silversmithing and tailoring skills. This study shows the client-jeweler relationship and narratives of fame that strengthen this. Also analyzed are narratives of labor, remedy, and customization as primary advantages for the participants in the sustainability of the living industry of historical jewelry-making. These cultural practices and ideologies enriched community culture and local industry were discovered. These cultural practices and ideologies led to a meaningful community culture and local industry complementing a historic site.


**Keywords:** jewelry, goldsmith, jewelry industry in Meycauayan, Bulacan , value-chain process, theory of capital


## Introduksiyon

Kapag pag-uusapan ang kasaysayan ng Bulakan, hindi maaaring lampasan ang aklat na halos sampu o higit pang bilang ng taon naisulat na may titulong "Kasaysayan ng Bulakan (1986)". Isang matandang pamayanan ang Bulakan. Ngunit ang mga hangganan nito bilang isang yunit na heograpikal ay maraming beses nang nagpabago-bago. Noong pagdating ng mga Kastila sa pamayanang ito noong 1572, ang pinakapusod ng lalawigan ay ang Mecabayan na siyang pinagmulan ng iba't ibang bayan sa bandang timog at silangan (Veneracion 19).

Nagmula ang makasaysayang lugar ng Meycauayan sa taguri na "maykawayan," na pinaniwalaang lugar ng pagtatatag ng simbahang yari sa nipa at kawayan. Bunsod ng natatanging makasaysayang heograpikal bilang unang kinilalang lalawigan bago ang Bulacan, maituturing na taglay nito ang mayamang karanasan at salaysay pangkalinangan ng natukoy na bayan ("Kasaysayan ng Bayan ng Meycauayan").

Sa Meycauayan, tinukoy na ang industriya ng pag-aalahas ay isa sa mga tanyag na kabuhayan ng mga mamamayan sa lugar na ito. Tumutukoy ito sa gawain ng paglikha ng mga ornamental na palamuting pangkatawan gaya ng kuwintas, singsing, at pulseras na nagtatanghal sa katayuan sa buhay ng mga gumagamit nito. Makulay at malalim ang kasaysayan ng pag-aalahas sa Pilipinas na ipinakita sa mga nahukay na kagamitan at kasangkapan ng mga sinaunang Pilipino. Ang mga natuklasang mga labi gaya ng pulseras, kuwintas, mga pandigmang sandata, at iba pa ay kadalasang ikinakalakal ng ating mga ninuno sa mga dayuhan sa pamamagitan ng sistemang barter.

Ayon kay Villegas, na nagsilbing permanenteng kurador ng Bangko Sentral ng Pilipinas para sa koleksiyon ng ginto at palayok, ang malalim na ugnayan ng ginto sa kasaysayan ng Bulacan ay matutunghayan sa matagal nang umiiral at ginagamit na salita sa Bulacan – ang "burit" (o granule). Matutukoy na naunahan pa ng mga Pilipino ang mga artisanong Javanese at iba pang mga klasikal na Timog-Silangang Asyano sa kahusayan sa dekorasyong pang-ibabaw at granulasyon (61).




**Larawan 1.** Babae at Lalaking may Palamuting Ginto sa Tainga (Villegas 1999 28)

Tinatayang nasa kalagitnaan ng ikasampu hanggang ikalabintatlong siglo nang nakararaan bago pa sakupin ng mga Espanyol ang Pilipinas, may maunlad na sistema na ng pamumuhay ang mga Pilipino. Patunay ang mga kagamitang nilikha ng mga sinaunang mag-aalahas at mga artisanong nahubog ang kahusayan dahil sa pagkalantad sa iba't ibang mangangalakal mula sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Maituturing itong maunlad na sistemang pangkalakalan sa buong Asya dahil sa matibay na ugnayang kultural ng mga sinaunang Asyanong nakapaligid sa Pilipinas (Asia Society).

Ginto ang pangunahing metal na ginagamit ng mga mag-aalahas na nahukay sa mga makasaysayang lugar. Nadiskubre ang mga ornamental na kasangkapan na mga bangang seramika at kabaong na yari sa kahoy ng isang Pranses na si Antoine-Alfred Marche noong 1881. Samantalang natagpuan sa lalawigan ng Marinduque noong 1960 hanggang 1981 ang ibang mga gawa sa gintong kasangkapan.

Noong 1741, nagkaroon na ng dalawang gremio ng mga mestizo at naturales (o katutubo) sa Mecabayan. Katunayan ito na ang nasabing mga bagong salta ay hinahamon na ang liderato ng mga dating kilala bagamat lumang pamilya sa pagpapatakbo ng lipunang pampook (Veneracion 101).



**Larawan 2.** Ang mga Katutubong Tagalog na Nararamtan ng Ginto, mula sa Manuskritong Espanyol, ang Boxer Codex (mula sa website ng "It's XiaoTime")

Malinaw na sa mga nagdaang dekada na buhay na buhay ang kalakalan ng mga sinaunang Pilipino at hindi maikakaila ang kaalaman sa usapin ng paggawa ng kasangkapang yari sa gintong kasamang natuklasan sa mga seramika na mula sa mga Tsino (Asia Society).

Ayon sa artikulo ni Albert Michael Canilao, naipapamalas ang sistema ng pagmimina ng mga Pilipino ng ginto na matatagpuan sa kuweba ng Guri sa Palawan. Tinatayang nasa 500 B.K. nagsimula ang pagmimina ng mga katutubong Pilipino at pinatunayan ito ng antropolohistang si Evelyn Caballero na inilarawan ang pagdodokumentong ito bilang periyodisasyon. Malinaw na isinaad ng periyodisasyon ang paggawa ng mga kagamitang yari sa gintong madali noong matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan (310).

Sa disertasyon ni Esperanza Bunag-Gatbonton, pinagtibay na sagana sa ginto ang Pilipinas bagama't hindi matukoy ang eksaktong edad ng mahalagang metal na ito gamit ang siyentipikong pamamaraan, maaaring ito ang unang metal na hinubog ng tao. Mas matanda kaysa bakal, ang pinakamatandang ginto na nahukay sa arkeolohiya—mga butil mula sa Kuweba ng Guri, Kuweba ng Tabon, timog-kanlurang Palawan—ay nagmula pa sa 500-300 BCE (Gatbonton 2014).

Sa katunayan, natukoy na nalilikom lamang ng mga Pilipino ang mga ginto sa mga ilog: Ang pinakaunang kasulatan na tumutukoy sa ginto sa Pilipinas ay ang Inskripsiyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL) na may petsang 900 M.K. Ito ay isang kasulatan na nag-aabsuwelto sa utang ng napakalaking halaga ng ginto (Tiongson 1; Lopez 23).

> (Ang) ginto ay nakikita sa lahat ng mga isla; ito ay nakukuha mula sa mga ilog, at sa ibang lugar sa mga minahan, na trinatrabaho ng mga Pilipino. Ngunit hindi nila itong minimina nang sobra-sobra, kundi sa mga panahon lamang na higit na kailangan . . . hindi pa man nila ninanasang yumaman ang lupa ay nagtataglay na na ito ng lubos na ginto, dahil maraming Pilipino, maski pinuno o hindi, maski malayang tao o alipin, ay kumukuha at nagbebenta ng ginto. (de Legaspi 1569, 56; sariling salin).

Mula rito, binigyang-diing "dahil ang kapuluang Pilipinas ay nilikha ng pagkilos ng mga bulkan, hindi pambihira ang ginto sa looban at bulubunduking lugar ng ating lupain. Kapansin-pansing marami sa sinaunang bagay na likha sa metal ay gawa sa ginto" (Villegas 10).

Dagdag na katibayan din ang mga nahukay na tunawan ng ginto, mga kagamitang metal sa paglikha at mga hilaw na ginto sa mga balangay—ang itinuturing na sinaunang bangka ng mga katutubong Pilipino sa lungsod ng Butuan, Agusan del Norte. Noong 1981, aksidenteng nadiskubre ang bungkos na mga gamit na yari sa ginto dahil sa proyekto ng irigasyon sa munting baranggay ng Magroyong, bayan ng San Miguel, Surigao del Sur malapit sa Butuan sa isla ng Mindanao. Ito rin ang nagpasinaya sa Locsin Foundation upang ipagpatuloy ang proyektong arkeolohiko sa pangunguna ni Warren Peterson na nakahukay ng anim na labi sa isang excavation site sa bayan ng Masago na malapit din sa Butuan. Napakahalaga ng mga nahukay na katibayang ito at masinop na idinokumento na dating arkeologong si Cecilia Y. Locsin at kanyang asawang arkitekto na si Leandro V. Locsin, ang mga labing natuklasan ay nasa pangangalaga na ng Museo ng Ayala (Asia Society).

Dahil sa lalawigan ng Butuan natagpuan ang mga labing ginamit sa pagbabarter sa mga karatig-bansa ng Timog-Silangang Asya at batay na rin sa mga tala ng Indiyano, itinuring ang Mindanao bilang isla ng ginto (o Survarnadvipa) kaya pinaniniwalaan ng mga iskolar na kabilang ang Pilipinas sa mga bansang mayabong sa ganitong yaman. Kaya naman, hindi mapasusubaliang ang mga sinaunang Pilipino ay sadyang mga manlilikha na ng alahas dahil sa pagtataglay ng bansa ng mga yamang mineral na pangunahing materyales sa paggawa nito (Asia Society).

Sa artikulo na "A Brief History of Jewelry in the Philippines" (2016) ni Chinggay Labrador, kinakatawan ng pagpapalamuti ng alahas ang panlipunang antas o ranggo ng mga sinaunang Pilipino. Mailalarawan ito sa mga yaring ginto at pilak na mga anting-anting o agimat na nakahabi rin sa mga paniniwala at seremonyang pangkatutubo. Ang mga kuwintas na isinusuot ay pinaniniwalaang may taglay na kapangyarihang makapanggamot, pagkakaroon ng pambihirang lakas, at magpamalas ng kakayahang makipag-ugnayan sa mga anito't diwata.

Sa paglipas ng panahon, ang tradisyonal na paggawa ng alahas ay nagsilbing kabuhayan ng bansa. Pinaniniwalaang nagmula ang kaalaman sa paglikha ng alahas sa mga Tsino na dumating sa ating kapuluan. Kapansin-pansin ito sa mga gamit ng mga mag-aalahas na halaw sa katawagang Tsino katulad ng tsukoy na ginagamit sa pagtunaw ng ginto, tsike, lekyo, tokoy, tuwa, at iba pa (Dela Cruz 34).

Tinatayang nasa anim na industriya ng pag-aalahas na mayoryang nakabase sa iba't ibang panig ng Pilipinas: Benguet, Metro Manila, Cebu, Davao, Rehiyon ng CARAGA, at Bulacan. Sa kasalukuyan, nahahati sa dalawang sektor ng paggawa ng mamahaling alahas at pasadyang alahas ang industriya ng pag-aalahas sa Pilipinas. Nakatuon din sa produksiyon ng dalawang mahalagang kategorya ang industriya ng pag-aalahas: ang alahas na gawa sa mga mamahaling metal gaya ng ginto at pilak; at ang pasadyang alahas na pinapalamutian ng perlas, at mga mamahaling bato.


Sa kasalukuyang kalagayan ng komersiyo, masasabing napakalaki ng potensiyal ng industriya ng pag-aalahas sapagkat noong 1994, nakapag-eksport ng tinatayang labintatlong milyong dolyar at sa parehong taon tumaas ang demand nito sa buong mundo na nasa pitong porsiyento. Ang mga produktong inilalabas ay galing sa lungsod ng Meycauayan na siyang itinuturing na fine jewelry capital ng Pilipinas (Province of Bulacan Major Industries: Jewelry). Subalit noong 2015, batay sa ulat ng The Philippine Confederation of Philippine Jewelers, Inc., naungusan ng bansang Thailand ang Pilipinas sa usapin ng pag-eeksport ng produktong alahas sa halagang 12.30 bilyon kumpara sa 37.91 milyong naipapadala ng Pilipinas sa pandaigdigang merkado. Dahil ito sa paglalaan ng suporta ng pamahalaan ng bansang Thailand

sa kanilang industriya ng alahasan partikular sa mga kagamitan, lakas-paggawa, pagpapataw ng buwis sa mga negosyante at pagbaba ng pag-angkat ng mga imported na alahas upang tangkilikin ang lokal na industriya (The Philippine Confederation of Philippine Jewelers, Inc., 3).

Kaya naman napakahalagang bigyan ng pansin ang industriyang ito na makatutulong sa ating ekonomiya. Sa konteksto ng Bulacan, kilala ang lungsod ng Meycauayan kung saan tinatayang nasa 2,000 ang manlilikha ng alahas ang nakadestino sa Brgy. Calvario, Saluysoy at iba pang karatig barangay.

## Maikling Kasaysayan at Heograpikal na Lokasyon ng Meycauayan, Bulacan

Ang katawagan na "Bulakan" ay maaaring "nagmula sa salitang "Bulak" na nagbabadya kung gayon na ang lugar na ito ang pinagkukunan ng bulak. Ang hipotesis na ito ay pinatotohanan ng pangyayaring ang ilang mga bayan dito tulad ng Malolos, Baliuag, Bocawe [kasalukuyang Bocaue], ang nakilala sa paghahabi ng tela at seda. Ayon sa encomenderong Kastilang si Miguel de Loarca na sumulat noong 1580, ang mga pamayanang nakapaligid sa Look ng Maynila ay sagana sa palay at bulak. Kaya't hindi malayo na ang isang maliit na pamayanang nasa gilid nito ang pinangalanang Bulakan. Gayundin, nabanggit na ng mga Tsinong





**Pigura 1.** Heograpikal na Lokasyon ng Lungsod ng Meycauayan noong 1578 (sariling pigura nina Villejo at Liwanag)

komersiyante na simula pa noong ika-labintatlong daantaon, ang kababaihan sa lugar na tinatayang ngayon ay Katagalugan (Mai) ay mga nakasuot ng mga kamisang yar isa "bulak" (Veneracion 21).

Mababakas sa makulay na kasaysayan nito ang sinaunang bayan ng lalawigan ng Bulacan—ang lungsod ng Meycauayan. Noong 1578, itinatag ito ng mga Pransiskanong pari na sina Padre Juan de Placencia at Padre Diego de Oropesa ("Kasaysayan ng Bayan ng Meycauayan"). Nag-ugat ang pangalan ng lungsod sa taguring "Maykawayan" bilang bansag sa inilipat na simbahang yari sa nipa at mga kawayan. Makasaysayan ang bayang ito dahil kinikilala itong pinakamatandang itinatag na bayan sa buong Pilipinas na pumapangalawa sa Lungsod ng Maynila. Hinirang itong pinakamalaking bayan sa buong bansa noong panahon ding iyon.

Sa panahon ng mga Amerikano, ang Novaliches at ang mga dating asyenda ng Tala at Piedad ay napahiwalay sa lalawigan at muling naging bahagi ng Tondo at Rizal. Muling lumiit ang lalawigan nang panahong ito. Sa kasalukuyan, ang dating bayan ng Polo (kasalukuyang Valenzuela) ay nakuha naman ng bagong itinatag na "lalawigan" ng Metro Manila. Katulad ng Meycauayan, ang matatandang bayan sa Bulacan ay nakapangalan sa mga halaman ng panandaang lugar, tulad ng Bocaue, Marilao, Bulakan, Malolos, Hagonoy, at Calumpit (Veneracion 20). Kasabay ng pagbabagong-loob sa pananampalataya ng mga katutubo ang pagkakaroon ng mga pangalan ng santo at santa sa bayan tulad ng Santa Maria, San Isidro, Sta. Isabel, San Jose, San Rafael, San Ildefonso, at San Miguel.




**Pigura 2.** Timeline ng Heopolitikal na Kasaysayan ng Meycauayan (sariling pigura nina Villejo at Liwanag)

Matapos ang digmaan laban sa mga Ingles, kinagawian naman ang pagpapangalan sa mga lugar "ng mga kilalang kawal at mga pinuno ng pamahalaan tulad ng Obando, na dating gobernadora heneral; Norsagaray, na dati ring gobernador heneral; Bustos, na dating opisyal ng hukbo at alcalde mayor ng Bulakan; at Novaliches, na asesor heneral" (Veneracion 20).

Ang makasaysayang bayan ng Meycauayan ay pinaniniwalaang pinagmulan ng mga batong kinasasandigan ng kabanalan dahil sa lugar nanggaling ang mga batong ipinantayo sa katedral ng Maynila at mga sandatang ginamit sa pagtatamo ng ating kalayaan (Honorario 29). Mula sa isang napakalaking bayan, nagsimula itong mahati-hati sa mga sumunod na siglo dulot ng paglaki ng populasyon at pagbuo ng mga bagong sentro o poblasyon ("Ang Lumang Bayan ng Meycauayan").

Pagkaraan ng ilang taon, ang mga nagsilang na lugar mula sa matandang bayan ng Meycauayan ay umukit na rin ng kani-kanilang sariling mga kasaysayan. Bukod sa malapit ito sa kalunsuran ng Metro Manila, naging sentro ito ng mga industriyang naglalarawan dito bilang papaunlad na lugar ng Bulacan. Dati itong tinatawag na bayan ngunit bunsod ng modernisasyon ay hinirang din ito bilang lungsod noong 2006.

Dulot ng natatanging kasaysayang heograpikal at pagiging bahagi ng mahalagang kasaysayan, ipinagpapalagay na ang mga pagkukunang batis ding ito ay may mayamang karanasan at pangkalinangang nagbansag sa lugar. Kilala ang Meycauayan sa mga industriyang nakakabit sa bawat distrito o barangay, bago pa man umusbong ang ilang kabuhayan ng buong lungsod gaya ng pabrika ng biskwit, kendi, sabon, at papel.

Likas ang mga kultural na industriya rito katulad ng pagbabakya, pagpapanday, tibagan ng adobe, magarang alahas — pangunahin sa mga natukoy na industriya ang pag-aalahas. Bagamat kinikilala ang Meycauayan sa industriyang ito ay ang unti-unting pagtamlay nito paglipas ng panahon. Mangilan-ngilan na lamang ang nagpapatuloy at nagtataguyod ng kanilang kabuhayang bansag sa kanilang lugar partikular sa barangay Calvario at Saluysoy bilang pangunahing lugar sa paggawa ng alahas.

Ang barangay Calvario at Saluysoy ay mga nayon na sinilangan ng industriya ng pag-aalahas at ang ilan sa mga kilalang may-ari ng pagawaan noon na kung tawagin ay plateria ay sina G. Vicente Ocampo, Anastacio Villaluz, gayundin sina G. Pedro Arias at Silvestre Manzano, at sa Saluysoy naman ay si G. Simeon Pedro. Naging pangkaraniwang hanapbuhay ito ng mga tagaroon at mamamalas ito sa pagtatatag nila ng mga munting pagawaan sa silong ng kani-kanilang mga tahanan. Sa paglipas ng panahon, naging masigla at nakapag-ambag sa pang-ekonomiko ng bayang Meycauayan ang pag-aalahas.

Noong dekada 80, binuksan ang kauna-unahang paaralang pagsasanay bilang platero sa ilalim ng simbahan ng Parokya ni San Francisco De Asisi. Tinawag itong "Palasanayan sa Pagpaplatero" na pinangasiwaan ng yumaong si Gng. Teodora Floro na tagapangulo ng Comission on Service at si Celso A. Jurado na nagboluntaryong magturo sa labing-anim na batch ng kabataang natigil sa pag-aaral sa loob ng walong taon. Ang mga kasanayang itinuro sa paaralang ito ay pagsasara (stone setting*)*, pamumuhunan at/o paghahalaga (appraising) pagtitimpla ng ginto, pagbubuo ng alahas at gold plating (Dela Cruz 4).

Malaki ang papel na ginampanan ng Meycauayan Jewelry Industry Association (MJIA)*,* ang organisasyong kabalikat ng pamahalaang lungsod ng Meycauayan sa pangunguna at pangangasiwa ng mga munting platerya sa mga nayon ng Meycauayan. Itinatag ito noong 1985 at nairehistro sa Security and Exchange Commission (SEC) noong ika-20 ng Nobyembre, 1986. Katuwang din ng organisasyong ito ang Guild of Philippine Jewelers, the Philippine Association of Pearl Producers/Exporters sa pagpapaunlad ng makasaysayang industriya. Mula sa orihinal na tatlumpu't pitong miyembro lamang ay umabot na ito ng 106 na binubuo ng mga sektor ng industriya tulad ng mga kontraktor, tagamanupaktura, mangangalakal ng ginto at mga batong semi-precious, corridoras, at maging mangangalakal ng mga kagamitan at kasangkapan sa paggawa ng alahas ("Province of Bulacan: Major Industries-Jewelry").

Ayon din sa organisasyon, ang ginto ang pangunahing hilaw na materyales na sangkap sa pagbuo ng alahas. Yamang ang Pilipinas ay sagana sa ginto kung kaya't ang pag-aangkat nito ay hindi na kailangan sa produksiyon, maaaring makakalap

nito kabilang ang Central Bank na nagbebenta ng 24 carat na ginto sa anyong buhangin o maninipis na piraso. Sa konteksto ng Brgy. Calvario, binanggit din ng mga kalahok na sa mga kapwa platerya lamang din nila nakukuha ang materyal na ginto, pilak at iba pang mahahalagang sangkap sa produksiyon ng kanilang makasaysayang industriya.

## Metodolohiya

Ang pangunahing metodolohiya ng pag-aaral na ito ay sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga susing impormante. Pinakamainam itong pamamaraan na kuwalitatibong pananaliksik na nakatuon sa malalimang pagsusuri sa isang penomenang nakapaloob sa espesipikong konteksto. Sa mas partikular, makatutulong ito sa pagsisiyasat ng mga piling mag-aalahas na nakasentro sa kani-kanilang substansiyal na karanasan bilang bahagi ng industriya ng pag-aalahas sa Meycauayan, Bulacan.

Matutunghayan sa Talahanayan 1 ang mga espesipikong pangalan, kani-kaniyang katungkulan, at partikular na taon ng panunungkulan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito.

| Pangalan | Katungkulan | Taon sa Katungkulan | Edukasyon | Edad |
|---|---|---|---|---|
| Francisco Villavicencio | Mananara | 14 | hayskul | 40 |
| Roberto Cirillo | Platero | 25 | nagtapos ng kolehiyo | 57 |
| Jipher Baribar | Mananara | 15 | nagtapos ng hayskul | 45 |
| Edgar Estraño | Platero | 23 | nagtapos ng kolehiyo | 65 |
| Sally Lapalad | May-ari at Tagapangasiwa | 50 | nagtapos ng kolehiyo | 70 |

**Talahanayan 1.** Profile ng mga Kalahok

Si Francisco Villavicencio, apatnapung taong gulang isang labing-apat na taong nang mananara (stone setter) na naglilingkod sa isang estante ng alahasan, nagtapos siya ng hayskul at sa halip na magkolehiyo, nagsanay na lamang siya

bilang mananara sa Meycauayan Jewelry Training Center. Habang si Roberto Cirillo ay limampung pitong taong gulang, may dalawampu't limang taong karanasan na sa larangan ng pag-aalahas, tapos siya ng kolehiyo at may-ari ng isang estante ng alahasan at isang platero. Si Jipher Baribar na apatnapu't limang taong gulang ay katulad din ni Villavicencio na nagsanay sa Meycauayan Jewelry Training Center pagkatapos ng hayskul. Siya ay isang mananara na may labinlimang taong karanasan at nagtatrabaho sa isang estante ng alahasan. Ang unang tatlong kalahok na nabanggit ay nagtatrabaho sa EMCO Compound, Barangay Calvario, Meycauayan, Bulacan. Samantalang si Edgar Estraño na animnapu't limang taong gulang ay tapos din ng kolehiyo, may dalawampu't tatlong taong gulang nang platero, at dating naglingkod sa isang estante ng alahasan sa EMCO Compound ngunit sa kasalukuyan ay nakadestino na sa Muñoz, Lungsod ng Quezon. Habang si Sally Lapalad na pitompung taong gulang ay may limampung taong karanasan sa larangan ng pag-aalahas, nagtapos din siya ng kolehiyo at namamahala sa isang maliit na pagawaan ng alahas na matatagpuan sa Barangay Calverio.

Sa inisyal na pakikipag-usap ng mga may-akda sa mga kalahok, nabanggit na ang kitang natatamo nila ay sapat lamang at hindi rin nababakante sapagkat may mga kakilala na silang tuloy-tuloy na nagpapagawa ng alahas at ibang serbisyo ng kanilang alahasan.

Tinutukoy ng mananara ang mga may kasanayan sa pagsasara o paglalagay ng mga bato o hiyas sa mga alahas (katulad na lamang ng singsing o kuwintas). Sinisigurado ng mga mananara na matibay at maayos na nakakabit ang mga bato o hiyas. Habang ang mga platero naman ang mga dalubhasa na tagagawa ng mga alahas, na karaniwang ginto o pilak. May kasanayan sila sa iba't ibang proseso ng paglikha ng alahas, mula sa pagtunaw ng metal, pagmomolde, hanggang sa mga huling hakbang ng pagbuo ng isang alahas. Sila ang mga artisanong may kakayahan sa paglikha ng mga ornamental na palamuti na ginagamit sa katawan.

Sa konteksto ng pag-aaral, ang salitang "hiyas" ay literal na tumutukoy sa mga alahas o mahahalagang bato, na siyang pangunahing paksa ng pag-aaral tungkol sa industriya ng pag-aalahas sa Meycauayan, Bulacan. Sumasalamin ito sa pisikal na aspekto ng kapital o yaman na tinatalakay sa pag-aaral. Pagdidiin ni Villegas (1999), ang hiyas na katagang Filipino para sa alahas, ay maiuugnay sa hiyas, "bihis na bihis" sa Bahasa Indonesia at "pagpapaganda" sa Malay. Ang pagnanais

na mapaganda at mapaganda ang bihis ay sinaunang udyok mula sa kaibuturan ng tao (13). Samantalang, ang “haraya” naman ay tumutukoy sa imahinasyon, pangarap, o malikhaing kaisipan. Sa kontekstong ito, maaaring iniuugnay ito sa malikhaing proseso at kultural na aspekto ng paggawa ng alahas, na kabilang sa mga kapital na ginagamit at pinauunlad ng mga mag-aalahas sa kanilang sining at kabuhayan.

Sa madaling salita, tinutukoy ng “hiyas at haraya” ang isang malikhaing paglalarawan ng ugnayan ng materyal na yaman (hiyas) at ang malikhaing kapital (haraya) na ginagamit at binubuo ng mga mag-aalahas. Alinsunod ito sa pag-aaral na tutuon sa dinamika ng mga kapital — ekonomiko, kultural, panlipunan, at simboliko—at kung paano nakakaapekto ang mga ito sa kanilang karanasan at kabuhayan. Ang pamagat ay sumasalamin sa pangunahing tema ng pag-aaral, kung saan ang “hiyas” ay hindi lamang materyal na bagay kundi isang kinatawan ng iba’t ibang anyo ng kapital, samantalang ang “haraya” ay naglalarawan sa mga malikhaing proseso at aspirasyon ng mga nasa industriya ng pag-aalahas.

## Teoretikal na Balangkas

Sa pamamagitan ng lente ng mga kultural na kapital ni Bourdieu, susuriin ang mga danas ng mga piling mag-aalahas sa larangang kinabibilangan, at kung paano hinubog ng mga kapital ang kanilang danas sa pag-aalahas na naglalandas sa mga link o daloy ng proseso ng industriya na nakabatay naman sa balangkas ng *value chain* na binuo ni Michael Porter (1985), isang Amerikanong dalubhasa sa larangan ng komersiyo at ekonomiya sa Unibersidad ng Harvard.

Samakatuwid, dalawang teoretikal na balangkas ang ginamit sa papel na ito—ang teorya ng mga kapital at value chain process.

Ang teorya ng mga kapital ay binuo ng sosyolohistang Pranses na si Pierre Bourdieu na dalubhasa sa paglalahad ng mga dinamiko ng kapangyarihan sa lipunan. Ayon kay Bourdieu, may apat na uri ng kapital at inilarawan ito bilang kapangyarihan na ginagamit upang makamtan ang kanais-nais na bagay o mapaunlad ang kapangyarihan at matamo ang iba pang anyo ng kapangyarihan.

Ipinahayag ni Bourdieu (1986) na ang kapital ay akumuladong paggawa na kapag iniayon sa pampribado, nagiging batayan ito ng mga ahente o pangkat ng mga ahente na nagagawang iangkop ang patunay ng buhay na lakas-paggawa bilang

panlipunang puwersa (Demeterio at Liwanag 46, sariling salin). Ang apat na kapital ni Bourdieu ay tumutukoy sa (1) pang-ekonomikong kapital (na nauna nang pinag-aralan ni Marx bilang mga kayamanan, pera, mga *stocks* at *share* ng isang indibidwal sa isang korporasyon), (2) ang kultural na kapital, (3) ang panlipunang kapital, at (4) simbolikong kapital (46).

Ang pang-ekonomikong kapital ay kayamanang maaaring minana o di kaya naman ay nakamit bunga ng interaksiyon sa pagitan ng indibidwal at ng ekonomiya. Tumutukoy din ito sa taglay na pera, lupain, stock, at share sa mga korporasyon, at iba pang mga kahalintulad na bagay (Bourdieu 242). Ang pang-ekonomikong kapital na taglay ng isang pamilya ay ang kanilang mga pag-aari na madaling matutumbasan ng pera.

Ang kultural na kapital ang pinakatanyag na konsepto ni Bourdieu. Relasyonal ang anyo nito at nagsisilbing katuwang ng iba pang mga kapital. Sa madaling salita, hindi ito lubusang mauunawaan kung ihihiwalay ito sa iba pang mga kapital (Demeterio at Resurreccion 5). Kumakatawan ito sa kaalamang propesyonal, kasanayang teknikal, edukasyon, katatasan sa pagsasalita, kaalaman tungkol sa sining at kultura, at panlasang astetik (5).

Sa isang modernong lipunan, nagiging kapital ang mga kultural na kasanayang ito dahil may aktuwal na merkado kung saan maaaring ikalakal ang mga ito. Maaaring umiral ang kultural na kapital sa tatlong anyo.

Una, maaari itong umiral sa katawaning anyo katulad ng pangmatagalang disposisyon ng isip at katawan ng isang indibidwal. Pangalawa, maaari itong umiral sa obhektibong anyo kung saan nabibilang dito ang mga kultural na ari-arian gaya ng aklat, mga larawan, mga taglay na kasangkapan, mga makinarya, atbp. At pangatlo, maaari rin itong kumatawan bilang matatag na anyo katulad ng pagtataglay ng diplomang katibayan ng natamong edukasyon mula antas elementarya hanggang kolehiyo (Demeterio at Resurrecion 5).

Ang panlipunang kapital naman ay tumutukoy sa koneksiyon na maaaring kakilala, kasosyo, kamag-anak, kaalyansa na maaaring pagkuhanan ng tulong, kalakal, palitan, proteksiyon, rekomendasyon at iba pang kahalintulad na bagay. Makapangyarihan ang sinumang indibidwal na may ganitong kapital sapagkat mayroon siyang malawak na merkado na maaari niyang ialok ang iba pang kapital.

At panghuling uri ng kapital ay ang simbolikong kapital. Tumutukoy sa karangalan at di-pormal na kapangyarihang politikal. May ilang indibidwal sa loob ng lipunan na kahit walang hinahawakang posisyon, ay tinitingala, at kinikilala bilang lider. Kaya sinusunod ng iba ang sinumang may simbolikong kapital. Inihayag niya na ang simbolikong kapital ay kredito at kapangyarihang ipinagkakaloob sa mga nagkamit ng sapat na pagkilala sa isang posisyon upang igiit ang kanilang karangalan (33).

Isang matingkad na halimbawa ng mga indibidwal na may taglay na simbolikong kapital sa konteksto ng Pilipinas ang mga artista sa pelikula at telebisyon. Makikitang pinaniniwalaan sila ng masa sa oras na mag-endorso ng mga kandidato sa politika o hindi kaya tumakbo sila bilang mga kandidato mismo (33).

May ilang nakalap nang mga pag-aaral ang matagumpay na gumamit nito bilang lente ng pag-aaral sa mga industriya na kalimitang tumutukoy sa pag-aari ng mga pamilya, katulad ni Jane Glover tungkol sa industriya ng pagsasaka (2013); Mara Brumana (2015) tungkol sa mga Multinasyunal na Korporasyon (MNCs); Feorillo P. Demeterio III at Analiza D. Resurreccion tungkol sa mga Batangueñang E-trepreneur (2018); at Analiza D. Resurreccion tungkol sa negosyong pagmamay-ari ng pamilya sa Batangas (2020).


Gamit ang apat na teoryang kapital ni Bourdieu bilang lente ng pag-aaral, sinikap ng pag-aaral na suriin ang dinamika ng mga dominanteng taglay na kapital ng mga mag-aalahas batay sa kanilang danas sa industriya. Inilahad at binalangkas ang mga mahahalagang konsepto na tinalakay mula sa kanilang makabuluhang karanasan sa pagpapanatili sa industriya upang sa kalauna’y mailapat ang mga kapital na ito sa mga link na nakaangkla naman sa Value Chain Process.

Ayon kay Porter, ang Value Chain Process ay isang konstrako balangkas na tumutukoy sa mga mahalaga at estratehikong gawain ng isang kompanya para masuri at maunawaan ang mga galaw ng mga gastusin pati na mga hindi hayag nitong bentahe at disbentahe upang mapalago pa ang kabuoang ganansiya ng nasabing kompaniya (50). Kumakatawan ito sa mga link ng konstrak ng balangkas ni Porter na naglalarawan sa mga gawaing nakapaloob sa isang negosyo o kompanya.

Sa konteksto ng isinasagawang pag-aaral, minabuti na tanging ang naunang apat na link ng value chain process ang gagamitin upang mailapat at maghuhugpong sa

dinamika ng kapital na taglay ng piling kalahok na mag-aalahas upang maipakita ang mga dominanteng kapital sa apat na link ng Value Chain Process.

Nakapaloob sa Value Chain Process ang mga terminolohiyang gaya ng Papasok na Lohistika (pangangalap ng materyales), Produksiyon at Operasyon (proseso ng paglikha at paggawa ng alahas), Papalabas na Lohistika (paraan ng pagbebenta ng pinal na produkto), Marketing and Sales (estratehiya ng pagbebenta) at Garantisadong Serbisyo (Guaranteed Service). Ang mga nabanggit na terminolohiya ay mga estratehiyang pampangasiwaan na kalimitang ginagamit sa pamamahala ng kalakalan. Layunin ng estratehiyang ito na makabuo ng mga produkto/serbisyo na tumutugon sa adhikain ng bawat negosyo, ang makapaglikha ng malakihang kita (Tarver).





**Pigura 3.** Ang Process Value Chain ayon kay Porter (Porter 52; sariling salin)

Makikita sa itaas sa Pigura 2 na may siyam na link ang konstrak ni Porter, lima rito ay tumutukoy sa mga pangunahing gawain ng kompanya, habang apat naman ang tumutukoy sa mga suportang gawain ng parehong kompanya. Ang limang link ng pangunahing gawain ng kompanya ayon sa konstrak na ito ay ang sumusunod: mga papasok na lohistika, mga operasyon, mga palabas na lohistika, pagmamarket at pagbebenta, at serbisyo, habang ang apat na link ng mga suportang gawain ay ang sumusunod: imprastraktura ng kompanya, pamamahala ng *human resource* o yamang-tao, pagpapaunlad ng teknolohiya at *procurement* o pag-aangkat (Porter 52).

May ilang nakalap na mga pag-aaral ang matagumpay na gumamit ng konstrak na ito sa pagsusuri sa mga industriya dito sa bansa, katulad nina Haruku Yamashita at Evelyn Belleza tungkol sa industriya ng isdang tuna sa Lungsod ng General Santos (2008); Cynthia Almazan, Jacques Trienekens, at Jos Bijman tungkol sa pagbobote ng isdang tawilis sa Lalawigan ng Batangas (2011); Danilo Israel at David Feliks Bunao tungkol sa pagpoproseso ng kahoy (2017); at John Paolo Rivera at Eylla Laire Gutierrez tungkol sa industriya ng eko-turismo (2019).

Ipinapakita ng Pigura 4 ang konseptuwal na balangkas ng papel na ito, kung saan isinakonsepto ang danas sa pag-aalahas gamit ang apat na link gaya ng papasok na lohistika, operasyon, papalabas na lohistika, at pagmamarket at pagbebenta. Inilatag naman ang Teoryang Kapital na nagpapakita ng mga kapital na taglay ng mga piling mag-aalahas batay sa danas nila sa loob ng industriya. Tinuklas at sinuri ang kanilang pang-ekonomiko, kultural, panlipunan, at simbolikong kapital sa pamamagitan ng metodong case study upang matukoy ang nangingibabaw na kapital sa pananatili nila sa loob ng industriya.




**Pigura 4.** Konseptuwal na Balangkas Gamit ang mga Kapital ni Bourdieu

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga malalalim at malalawak na karanasan ng mga piling kalahok sa industriya ng pag-aalahas, tunguhin ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod: 1) Ano-ano ang dominanteng kapital sa link ng papasok na lohistika? 2) Ano-ano ang dominanteng kapital sa link ng operasyon? 3) Ano-ano ang dominanteng kapital sa link ng papalabas na lohistika? at 4) Ano-ano ang dominanteng kapital sa link ng pagmamarket at pagbebenta?

## Diskusyon

### Naratibo ng Dominanteng Kapital sa Link ng Papasok na Lohistika
### Ang Paglinang sa Kaalaman at Kasanayan sa Pag-aalahas

Sa pagtatatag ng platerya naging pangunahing kapital ng mga nakapanayam na mag-aalahas ang purong kaalaman at kasanayan sa industriya sa pamamagitan ng pagmamasid at pagtuturo sa bagong manggagawa, pagsasailalim sa sentro ng pagsasanay, at pagiging taal na Meycauayeño. Inilarawan ito ng mga may-akda bilang paglinang sa kaalaman at kasanayan katulad ng puro o dalisay na ginto na siyang pangunahing materyal sa paglikha ng alahas, yamang nangingibabaw ding kapital ito ayon sa mga ibinahaging karanasan ng mga kalahok.

**Pagmamasid at Pagtuturo sa Bagong Manggagawa**. Natamo ng mga kalahok ang kaalaman at kasanayan sa paggawa ng alahas sa pamamagitan ng pagmamasid at pagiging apprentice sa mga maliit na platerya.

> Nung nagsisimula ako diyan sa pag-aalahas, merong maliit na pagawaan ng alahas malapit sa paligid ng bahay namin dun sa medyo bandang bukid. Eh ang ginawa ko, panood-nood lang, patingin-tingin lang habang estudyante pa ako non. Pagdating ng may gumagawa na diyan, patingin-tingin lang ako. Nung habang tumatagal medyo nagtatanong-tanong na ako na, ano yung mga gamit na yan? Eh sinasagot naman ng mga manggagawa. (Estraño)

Ibinahagi ni Estraño na nagsimula siya sa patingin-tingin at panonood ng mga gumagawa ng alahas. Ang mga namasid niyang mga paraan ang nagtulak sa kanya upang alamin kung paano nabubuo ang mga alahas sa pamamagitan ng pagtatanong-tanong sa mga manggagawa.

> Tapos nung tumagal-tagal nakikialam na ako. Yun bang pag tumatalikod na ang mga manggagawa nagmemeryenda, bigla akong sasalisi, sinasalisihan ko sila. Ginagaya ko yung ginagawa nila hanggang sa tama naman daw yung ginagawa ko.Nagtataka sila. Bakit humahaba, nagagalaw ang mga piyesa. Sinubukan nila ako. "Ikaw pala ang nakikialam diyan halika dito at umupo ka na rito at itutulong na lang kita." Binigyan ako nang paunti-unti, pasanda-sandaan, one fifty. (Estraño)

Sa pamamagitan ng pagmamasid at pagtatanong-tanong, natutuhan niya ang paggawa ng alahas nang subukin niya ang paglikha nito kapag wala ang mga manggagawa. Sa katagalan, napansin ito ng may-ari ng platerya at sinimulan na rin siyang bigyan ng mga proyekto.

Katulad ni Estraño, si Cirillo naman ay nagsimula rin sa industriya sa pamamagitan ng pagsasanay at pagtuturo sa bagong manggagawa. Ayon sa kanya:

> Nag-start ako mag-aral almost 1990. Nagtrain ako 1 year. Ano palang, apprentice pa lang hanggang sa tumagal natutuhan ko na ang trabaho. Marami na ring nalalaman sa paggawa dahil sa pasalin-salin na rin na ibang gawaan. Yung mga kamag-anak ko na ganun na rin ang trabaho, naging helper nila ako nun. Yung mga relatives ko talaga, ganun na rin ang trabaho nila na kung tawagin, mga nagpaplatero. (Cirillo)

Ang pagiging apprentice ang naging panimulang tuntungan niya sa industriya. Isang taon ang ginugol niya sa pagsasailalim sa pagsasanay. Kinalauna'y ang katuwang sa paggawa ang nagbukas sa kanya ng pinto upang pagkatiwalaan ng mga mumunting proyekto.

> Ah, kailangan may alam ka talaga. Kasi para saan ang kapital na ilalabas mo, kapag hindi mo alam mismo gumawa. Hindi ka uusad. Yung kaalaman na natutunan namin batay sa experience ko mula nung nagsimula ako, iyon talaga ang nagdala [sa akin]. Hindi ka pupuwedeng may kapital (o pera) lang, wala kang magagawa. Kumbaga pangalawa na lamang yung kapital. (Cirillo)

Dala ng matagal nang karanasan ni Cirillo, inilahad niyang mahalaga ang kaalamang natutuhan niya upang magsilbing kapital sa industriya at pangalawa na lamang ang salaping kapital.

> Nung graduate ako saka ako pumunta dun sa boss ko na malayong kamag-anak. Malaking alahasan yun. Dun ako tinuruan ng mga makabagong diskarte. Alam mo naman ang panahon [nagbabago], kada ano, [kailangan sumunod sa pagbabago lagi], yung mga platero't mananara eh aral nang aral din yan [ng mga makabagong kasanayan]. (Villavicencio)

Sa pagiging mananara nagsimulang makamit ni Villavicencio ang kanyang kasanayan matapos ang pagsasanay niya sa Meycauayan Jewelry Training Center sa kanyang kamag-anak na may malaking alahasan. Natuto siya ng mga makabagong diskarte sa kanyang mga kamag-anak na platero't mananara.

**Pagsasailalim sa Sentrong Pasanayan**. Nakatulong nang malaki ang Meycauayan Jewelry Training Center sa paghubog ng kasanayan at kaalaman ng mga kalahok na mag-aalahas.

> Ah mag-aaral ka. Kailangan kung hilig mo yan, papasok ka sa sinasabi niya [Meycauayan Jewelry Training Center] na, papasok ka sa Jewelry Learning Center, Training Center. Tuturuan ka nila roon, simula sa pagpaplaterya hanggang sa pagsasara [ng bato sa alahas], hanggang sa pagpa-polish hanggang sa finish product [ng alahas]. (Baribar)

Isinalaysay ni Baribar ang kaniyang karanasan bilang mag-aaral ng nabanggit na pasanayan, kung paano gumamit ng mga kasangkapan sa paraan ng paglalagay ng bato o hiyas (pagsasara) at paghahasa ng pamaet na natutuhan niya sa pasanayan kung saan siya nagpakadalubhasa. Ibinahagi niya rin ang paraan mula pagsasara, pagpa-polish hanggang sa pinal na produkto.

Nang magawi siya sa Bulacan ay siyang simula ng kanyang pagiging mananara. Natuto siya ng mga batayang kasanayan sa sentrong pasanayan

at ginamit iyon sa pagiging baguhang manggagawa sa kaniyang unang pinaglingkuran na Meycauayan Jewelry Training Center. Pinili niyang matutuhan ang pagiging mananara sa Meycauayan Jewelry Training Center nang ilang buwan bago siya naging trainee sa isang pagawaan ng alahas na kanya ring kamag-anak. Lubos na nahubog ang kanilang diskarte sa paggawa at paghubog ng alahas.

> Nung nagawi ako rito sa Bulacan, pinag-aral ako ng tiyuhin ko kasi na-late ako ng enrolment sa Bulacan. Sabi niya i-try ko raw mag-aral sa center. Di ko nga alam yun diyan sa MJIA. Meron kasi eskwelahan diyan sa Pandayan. Ano sila, lahat ng pag-aaral ng platero, mananara, casting. Meycauayan Jewelry Association, Meycauayan Jewelry Training Center. Buwan lang yun. Tapos pagkatapos ko dun, kasi ang natutunan ko dun basic lang. Yung para bang pangmatatanda nang stone setter na diskarte. Nung graduate ako saka ako pumunta dun sa boss ko na malayong kamag-anak at may malaking alahasan dun ako tinuruan ng mga makabagong diskarte. Alam mo naman ang panahon, kada ano, yung mga platero't mananara, aral nang aral din yan. (Villavicencio)

**Pagiging Taal na Meycauayeño**. Lubhang nangingibabaw sa mga saklaw na tema ng likas na dunong sa pag-aalahas bilang kultural na kapital ang pagiging taal na Meycauayeño. Ganito rin ang ibinahagi ni Sally Lapalad na isang may-ari ng maliit na gawaan ng alahas na siyang naimpluwensiyahan ng malapit na kamag-anak, kaibigan at iba pang kapwa mag-aalahas.

Alinsunod din sa pananaw ni Baribar, binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-aalahas bilang pangunahing ikinabubuhay sa Meycauayan. Ayon sa kanya:

> Siyempre kasi hanapbuhay iyan eh. Ang Meycauayan kasi alam mo namang world class jewelry iyan. Nandito ang ikinabubuhay puro alahas. Iyan makatutulong iyan sa pamumuhay mo, sa iyo, sa estado mo diba para magkaroon ka ng hanapbuhay. Hanapbuhay ang unang pumasok sa isip namin diyan. Kaya kailangan, matutuhan namin iyan. (Baribar)

Isinalaysay ni Baribar na ang tanging salik kung paano niya niyakap ang industriya ay bunga ng pagiging sentro ng hanapbuhay ng lugar ng Meycauayan.

Ganito rin ang ibinahagi ni Lapalad na isang may-ari ng maliit na gawaan ng alahas. Natukoy na sa Meycauayan ang alahasan kung kaya naimpluwensiyahan na rin siya ng malapit na kamag-anak, kaibigan, at iba pang kapwa mag-aalahas.

Ang pagiging sentro ng industriya ng alahas sa Meycauayan ay nagbunga ng malawakang pagkilala sa kasanayan ng mga platero sa lugar. Ipinapakita ito sa mga salaysay nina Estraño, Cirillo, at Villavicencio:

> Normal naman yan malalaman nila na isa kang platero, kasi sa tagal ba naman ng paggawa. (Estraño)
>
> Dito sa Meycauayan? Kilala na rin, actually na ano na rin kami sa tv eh. Nai-feature na kami sa may *iJuander*. Yung isang kliyente namin inano lang kami. (Cirillo)
>
> Oo kahit di taga-Meycauayan. Pero dito kasi lehitimo, dito sila natuto. (Villavicencio)

Nagkakaisang itinugon din nina Estraño, Cirillo, at Villavicencio ang naging impluwensiya ng lugar, partikular ang mga kapwa mag-aalahas na nagbahagi ng mga karanasan sa pagpapaunlad at pananatili sa lokal na industriya.

Kaugnay ng mga nalikom na naratibo, ipinakikita nman sa talahanayan sa ibaba ang distribusyon ng mga naratibo ng pagtatamo ng kaalamang pag-aalahas.

| Tema | Cirillo | Villavicencio | Estraño | Lapalad | Baribar |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagmamasid at Pagtuturo sa Bagong Manggagawa | ✓ | ✓ | ✓ | | |
| Pagsasailalim sa Sentrong Pasanayan | ✓ | ✓ | | | ✓ |
| Pagiging Taal na Meycauayeño | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |

**Talahanayan 2.** Mga Naratibo ng Paglinang sa Kaalaman at Kasanayan sa Pag-aalahas

## Paghuhubog ng mga Impluwensiyang Pampag-aalahas

Katulad ng pamamaraan ng paghuhubog o paghuhulma ng tinunaw na metal upang makabuo ng alahas, bahagi rin ng kasanayang pag-aalahas ang impluwensiya ng mga taong nakapaligid sa mga kalahok. Pangalawang nangingibabaw na kapital ito sa pagtatag ng industriya sa tulong ng impluwensiya ng malapit na kamag-anak, at pangalawa ay mga kakilalang mag-aalahas.

**Kamag-anak na Mag-aalahas**. Malaki ang impluwensiya ng mga kamag-anak ng mga kalahok sa pagiging mag-aalahas at pananatili nila sa industriya.

> Yung isang tiyahin ko kasi eh tinulungan ako ng kaunti. Pinautang ako ng puhunan, mga ano lang 50 thousand. Hanggang sa di ako nag-concentrate masyado sa ano dahil may mga gumagawa naman sakin. Tapos hinaluan ko ng ibang negosyo. Nagbabuyan ako ganyan. (Estraño)

Isinalaysay ni Estraño na tinulungan siya ng kaniyang tiyahin sa pagpapautang ng kapital para sa pagsisimula ng kaniyang pagawaan ng alahas.

Si Villavicencio naman ay pinag-aral ng tiyuhin sa Meycauayan Jewelry Training Center na siyang pinagkunan niya ng mga kasanayan.

> Nung nagawi ako rito sa Bulacan, pinag-aral ako ng tiyuhin ko kasi na-late ako ng enrolment sa Bulacan, sabi niya i-try ko raw mag-aral sa center di ko nga alam yun diyan sa MJIA. Meron kasi diyang eskwelahan sa Pandayan. Ano sila, lahat ng pag-aaral ng platero, mananara, casting. Meycauayan Jewelry Association, Meycauayan Jewelry Training Center. (Villavicencio)

Samantalang lubos na nakaimpluwensiya kay Cirillo ang kamag-anak na may pagawaan noon ng alahas. Naglingkod siya noon bilang helper sa nasabing pagawaan:

> Oo meron. Actually, yung mga kamag-anak ko ganon na rin yung trabaho. Tapos nagiging helper helper nila ako noon. Kaya

> natutunan ko rin yung ibang pamamaraan nila. Oo mga ganon. Oo. Yung mga relatives ko talaga ganito rin yung hanapbuhay nila, mga tawag mga nagpaplatero mga gumagawa ng alahas mga platero eh. (Cirillo)

Namana naman sa kapatid ni Lapalad ang maliit na pagawaan ng alahas na siyang pinamamahalaan niya sa kasalukuyan. Itinuring niya itong simulain sa industriya kung saan natuto siya ng mga kasanayan sa larangan ng pag-aalahas.

> De doon sa kapatid ko na patay na, oo. Kumbaga, parang minana ko na lang yon talaga. Kumbaga, habang may hanapbuhay siya at ako naman medyo bata-bata pa ako, natutunan ko lang kung ano yung ginagawa niyo. Ganon lang siya. Parang minana ko lang yung kaalaman niya. (Lapalad)

**Kakilala/Kaibigang Mag-aalahas**. Bukod sa kamag-anak ay natutuhan din ng mga kalahok ang kaalaman at kasanayan sa larangan ng pag-aalahas mula sa mga kakilala o kaibigang mag-aalahas.

> Oo mga kaibigan lang. Hanggang sa, una kasi namasukan din ako diyan, sabi sakin eh baka kulang pa ang kaalaman mo kasi noong una eh mga ginagawa ko eh mga ganyan may lubid na yan mga rope, chain o pantasya kung tawagin. Yung terno hirap pa ako gawin kaya sabi nong ano, pinasukan ko, oh sige, ayan mag-training ka muna, mga 1 month. Trinain ako sa isang tao na magaling talaga sa pag-alahas. Ganyan, kailangan balance. Hanggang sa madali lang pala. Within 1 month, dahil may experience, binalik na ako doon. Ginawa nila ako modelo sa mga platero. Ayan isang buwan lang yan natuto na. May ibinigay sakin eh yun mga malalaki, mga export yan. Kasi pagdating doon pakyawan na. Hindi katulad na sarili mo talaga. Kailangan mo talaga ng karanasan. (Estraño)

Nagsilbing tagapagsanay ni Estraño ang ilan sa mga kaibigang platero kung saan niya nakuha ang mga kaalaman sa pagpaplatero. Ang mga katulad

ng lubid o rope, chain o pantasya na mahirap gawin ay unti-unti niyang natutuhan nang isang buwan. Dala ng karanasan ng mga kasamahan, maituturing itong mahalagang pundasyon sa pananatili ng industriya.

> Ay oo, napakahalaga kasi ano eh, kasi dun talaga ako natuto eh. Sa mga iba't ibang pamamaraan kasi natutunan ko. Hindi lang sa paggawa ng singsing, natutunan ko. Yung hikaw singsing, bangle, bracelet. Yung mga pamamaraan nila natutunan ko unti-unti sa tagal na rin ng proseso ng paggawa. Iba't iba kasi natutunan mo eh bawat isa, bawat isang pumapasok ka sa isang lugar, sa factory ng mga alahas. Iba-iba siya, kaya maraming natutunan sa mga ganon. (Cirillo)

Natutuhan ni Cirillo ang iba't ibang mga pamamaraan sa paggawa ng alahas mula sa mga kakilala at kaibigang mag-aalahas kagaya ng paglikha ng singsing, pulseras, hikaw at bangle. Sa tagal ng panahon, marami at iba'ibang mga estilo ang kanyang natamo buhat sa pagkakalantad sa kanila.

> Eh di yung mga kakilala rin, platero siya, platero. Ah kaibigan. Kumbaga parang hindi ako yung pinaka-original kundi yung kasama ko. (Lapalad)

Ibinahagi ni Lapalad na isang may-ari ng maliit na pagawaan ng alahas na nakaimpluwensiya ang kaniyang kaibigang platero sa pagtataguyod ng kaniyang sinimulang industriya.

| Tema/Panlipunang Kapital | Cirillo | Villavicencio | Estraño | Lapalad | Baribar |
|---|---|---|---|---|---|
| Kamag-anak na Mag-aalahas | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | |
| Kakilala/Kaibigang Mag-aalahas | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ | |

**Talahanayan 3.** Distribusyon ng mga Paghuhubog ng Impluwensiyang Pampag-alahas

## Pagkalap ng Puhunang Salapi sa Pag-aalahas

Kapansin-pansin na sa mga isinalaysay ng mga kalahok na mag-aalahas, ang pagkakaroon ng malaking kapital sa pagsisimula at pagtatatag ng industriya ng alahas ay hindi gaanong binigyang-diin. Pumapaloob ito sa ekonomikal na kapital na bahagi sa pagtatag ng industriya.

> Yung isang tiyahin ko kasi eh tinulungan ako nang kaunti. Pinautang ako ng puhunan, mga ano lang 50 thousand. Hanggang sa di ako nag-concentrate masyado sa ano dahil may mga gumagawa naman sakin. Tapos hinaluan ko ng ibang negosyo. Nagbabuyan ako ganyan. (Estraño)

Sa kalagayan ni Estraño, hindi lamang pag-aalahas ang naging pokus ng kaniyang negosyo kundi maging watch repair shop at maliit na babuyan ngunit kalaunan ay nanatili na lamang siya sa industriya ng pag-aalahas kung saan niya unang hinubog ang kasanayan.

Si Cirillo naman na pawang may maliit na pagawaan ay nagsimula lamang sa maliit na halaga upang makabili ng mga gamit gaya ng lamenador, tokoy, suwapan, mga palayok at mga materyal sa paggawa ng alahas.

> Di naman masyadong ano, sa start naman maliitan lang ang kailangan sa business eh. Basta makapagsimula lang, ganon. Andun lang yung mga gamit na binili naming kinakailangan lang makagawa. Di naman kailangan yung mga high tech agad. Siguro mga ano, ten thousand. Ganon yung mga pambili ng mga gamit. (Cirillo)

Binigyang-diin niya na hindi kailangan ang mga high tech na kagamitan para pagpapatakbo ng maliit na alahasan.

Katulad din ni Cirillo, si Lapalad ay nagsimula rin sa halagang sampung libong piso na kailangan upang makapagsimula ng negosyo. Subalit sa panahon, hindi na sasapat ang halagang ito sapagkat mahal na ang pangunahing materyales katulad ng ginto sa paggawa ng alahas (tingnan ang talahanayan sa ibaba).

Ay dati pa yon. Mura pa, mga sampung libo. Eh ngayon mahal na ginto. Dati isandaan lang ginto. Ngayong tatlong libo na mahigit. (Lapalad)

| Kalahok | Halaga |
|---|---|
| Estraño | P50,000 |
| Cirillo | P 10,000.00 |
| Lapalad | P 10,000.00 |

**Talahanayan 4.** Mga Puhunang Salapi sa Pag-aalahas

Mayaman at masalimuot ang industriya ng pag-aalahas na kinakasangkapan ang iba't ibang uri ng materyal na may kani-kaniyang gamit. Sa bahaging ito, layuning bigyang-diin ang kahalagahan ng tamang seleksiyon at paggamit ng mga ito sa natukoy na industriya.

**Mga Materyal at Gamit ng mga ito sa Paggawa ng Alahas**

| Materyal | Gamit |
|---|---|
| Ginto | Pangunahing metal na ginagamit sa paglikha ng alahas, awtentiko at kulay dilaw. Pinagtutubugan o pinagbabaran ng gawang alahas sa likidong anyo nito. |
| Pilak | Isa sa pangunahing metal na ginagamit din sa paglikha ng alahas. Ito ay makinis, puti o kaya'y kulay abo na kadalasang inihahalo sa ginto upang mapababa ang karat nito. |
| Tanso | Isa rin sa pangunahing metal na inihahalo lamang sa ginto at pilak. Pangkaraniwang metal lamang na nababanat, napapanipis at napapalapad gamit ang lakas at pukpok ng martilyo. |
| Dalisay/Puro | Tumutukoy ito sa gintong 24k, o purong ginto na pangunahing materyal ng pag-aalahas. |
| Lagaring Bakal | Isang kagamitang metal na matalim na ginagamit sa pagsasara ng alahas (paglalagay ng hiyas dito). |
| Pamaet | Tumutukoy sa maliit na bersiyon ng paet, ginagamit bilang pangkinis ng alahas. |
| Plorentin | Tumutukoy sa uri ng paet na ginagamit sa paghuhugis-bulaklak. |
| Suwatsoy | Kagamitan sa pagguhit, mistulang bolpen ito na ginagamit partikular sa pagbuo ng kanal o mga uka sa loob ng alahas. |
| Laminador | Ito ay isang rolling mill na ginagamit sa pambatak ng alahas upang maging manipis ito. |

| Materyal | Gamit |
|---|---|
| Kikil | Tumutukoy ito sa gamit panghasa, may mga anyo ito gaya ng tres kantos. |
| Tokoy | Tumutukoy sa mesang pinaggagawaan ng alahas. Ito ay may uka sa gitna na nagsisilbing lalagyan ng pinagtabasang ginto o bato ng hiyas. |
| Panghinang | Tumutukoy sa intrumento sa paghihinang o pagdurugtong sa dalawang lusaw na metal. Ito ay maihahalintulad din sa lamenador. |
| Tuwa | Sahuran ng alikabok ng ginto o gold dust. Kakabit ito ng tokoy na pinaggagawaan ng ginto. |
| Rounder | Gamit sa paghuhugis ng alahas. Karaniwan sa pagsusukat ng singsing. |
| Maso/ Pamukpok | Gamit sa pagpupukpok ng alahas, sa pagkokorte nito sa paluan. |
| Katoy | Tumutukoy ito sa maliit na martilyong ginagamit sa pagsasara o pagkakabit ng bato o hiyas sa alahas. |
| Paluan | Kasama ng maso sa pagpupukpok ng yaring aytem, pinagpapaluan ng ginto. |
| Pliers | Kagamitan sa pagpuputol ng metal, karaniwang makikita rin sa mga tool ng pagkakarpintero. |
| Suplete | Kagamitan na blow torch para sa pagtutunaw ng ginto. |
| Plehe | Tumutukoy sa tunawan ng ginto o pinagtutunawan ng ginto. Ito rin ay maaaring hulmahan ng ginto. |
| Nitrite Acid | Kemikal na ginagamit sa paglilinis ng alahas pangunahin sa pagpapakinis nito. |
| Sulfuric Acid | Isa ring uri ng kemikal na ginagamit sa paglilinis ng alahas. |
| Kordom | Panlinis sa mga singit-singit, sa mga loob-loob ng alahas. |
| Likidong Ginto | Likidong yari sa ginto na ginagamit sa pagdudurado ng alahas. |
| Likidong Pilak | Likidong yari sa pilak na ginagamit sa pagpapababa ng karat ng ginto. |
| Berdedero | Tumutukoy sa batong sintetik. |
| Esmeril | Isang uri ng matigas na mineral na ginagamit sa pagpapakintab. |
| Saheng | Ito ay isang luwad na nasa bolang bakal na pinagpapatungan ng hindi pa gawang alahas para makortehan ito. |

**Talahanayan 5.** Mga Materyal at Gamit sa Paggawa ng Alahas (Villejo 97-98)

## Naratibo ng Dominanteng Kapital sa Link ng Operasyon

### Pagbatak sa Karanasang Pamplatero

Ibinahagi ng mga nakapanayam na platero ang mga ilang pamamaraan sa paglikha ng alahas. Isinalaysay nila ang mga pangunahing proseso na kanilang natutuhan

sa mga namanang kaalaman buhat sa kamag-anak at kakilalang mag-aalahas na siyang nangingibabaw na kultural na kapital sa seksiyong ito.

**Pagtutunaw ng Metal.** Inilahad ng mga kalahok na mag-aalahas ang mga proseso sa pagtutunaw ng metal na siyang unang hakbang sa pagbuo ng alahas. Kadalasang itong ibinabatay ng mga katulad niyang platero sa mga nagpapagawa ng alahas. Ibinahagi ng mga platero na sina Estraño at Cirillo ang kanilang kaalaman sa pagtutunaw ng metal, maging si Lapalad na nangangasiwa ng isang platerya sa kinagisnang lugar.

> Ah, papaano pagbuo? Eh siyempre, sa una may mga materyales tayong kinakailangan doon. Una, yung gold kung gold ang materyales na kailangan. Ime-melt natin yan sa mga palayok, sa mga gamit natin dito na sinasabi ko. Tapos ayon yung proseso ng paggawa. Dapat lumabas sayo yung proseso. Halimbawa kung singsing, kung singsing man yung gagawin. Ganon. (Cirillo)

Unang hakbang sa pagbuo ng alahas ang paghango ng mga pangunahing metal (ginto, pilak, at tanso). Binigyang-diin ni Cirillo na kinakailangan taglayin ng isang platero ang pagkaroon ng kaalaman sa prosesong ito na natutuhan niya sa pananatili nang matagal na panahon sa larangan ng pag-aalahas. Isinalaysay niya na matapos matunaw ang metal ay ang pagbuo ng mga layuning alahas gaya ng singsing, kuwintas o pulseras.

> Bibili ka ng gold tapos titimplahin mo. Kung ano gusto mong uri ng gold, 18k halimbawa. Tapos sasamahan mo ng panghalo. Halimbawa, gold pagagawa mo ang halo non copper o kaya silver. Pagka white gold naman ang pagagawa mo ang halo non yung mga nabibiling piyesa piyesa. Ayon tapos gagawin na ng platero. (Lapalad)

Ayon kay Lapalad, unang kailangang gawin ay ang pagbili ng ginto at titimplahin alinsunod sa nais na pagkakayari. Inilahad niya ang pagtitimpla ng angkop na metal upang makabuo ng yaring alahas gaya ng paghahalo ng tanso't pilak upang makuwenta ang angkop na karat tulad ng 14k, 18k o 24k, depende sa mamimili.

> Ayon naman kay Estraño:
>
> Una, tatanggapin mo yun alahas. Magpe-presyohan kayo. Papakita mo yun mga catalogue. Diyaan may catalogue kami Diyan. Tapos, alin ho ba dito? Kami tinatanya namin ano timbang, presyo niya per gram. Minsan 10 grams, minsan may 10% loss. Ipapatong mo yun sa kostumer. Tapos nun may ginto siya, kung wala naman, sa amin. Dun kami mamumuhunan, Syempre dapat may deposit din sila. Dagdag pambili. For security. Para kunin nila talaga. (Estraño)

Batay sa salaysay niya, nakikipagkasundo muna siya sa kanyang kostumer alang-alang sa presyo ng gagawing alahas. Mamimili ng angkop na disenyo at titimbangin ito, dito namumuhunan ang mga platero batay sa magiging timbang ng metal na sasang-ayunan ng kostumer.

**Pagmomolde.** Ito ang sunod na hakbang matapos ang pagtunaw sa metal, hinuhulma na rito batay sa kagustuhan ng mamimili. Halimbawa, singsing, kuwintas, pulseras at hikaw subalit ayon sa mga platero'y kadalasan singsing at polseras ang popular na pinapagawa sa kanila. Katulad din sa naunang hakbang nagkakaisang tinugon ng mga platero ang kasanayang taglay nila sa prosesong ito.

> Ime-melt natin yan sa mga palayok, sa mga gamit natin dito na sinasabi ko. Tapos ayon yung proseso ng paggawa, dapat lumabas sayo yung proseso. Halimbawa, kung singsing, kung singsing man yung gagawin. Ganon. (Cirillo)

Inilahad ni Cirillo na ang tinunaw na ginto ay gagawing yaring alahas depende kung iyon ang nais ng nagpapagawa. Sa kaso nila, madalas ay mga singsing ang pinapagawa alinsunod sa kagustuhan ng kostumer. Dagdag pa niya, mahalagang lumabas sa pagiging platero ang proseso na nauna niyang natutuhan sa kaniyang mga kaanak.

> Casting yung binubuhos na yung item, ginto dun sa wax na item na ng alahas. Dito tinutunaw. Nilalagay dito. Plehe ang tawag diyan eh. Magiging ganito iyan and then gugupitin mo. (Estraño)

Ang tinunaw na metal na ginto ay binubuhos sa plehe. Binigyang-diin ni Estraño ang prosesong ito na siyang magiging hugis ng alahas. Inilalagay ang likidong ginto sa plehe na naghuhulma sa nais na hugis.

**Pagdudurado/Plating**. Ito ang proseso kung saan nilublob ang alahas sa likidong ginto kung ang isang alahas ay hindi purong ginto, madalas ito ang serbisyong iniaalok ng mga platerya sa Meycauayan katulad ng platerya ni Lapalad mula kanilang mga naging mamimili: “Ah kasi kami talaga tubugan lang. Tatawagan lang kami ng platero. Basta yung mga walk-in, walk-in lang. Minsan may mga nagpapagawa, hanggang sa maging suki naming” (Lapalad).

Inilahad niya na ito ang pangunahing serbisyo ng kanilang pagawaan para sa mga kostumer na naghahangad ipadurado ang kanilang alahas. Tubugan ang tawag kanilang proseso na naglalarawan sa pagpapakapit ng ginto sa metal na alahas.

Ito rin ang naging pahayag ni Cirillo hinggil sa proseso ng papapakulay ng alahas na hindi purong ginto. Gold plating ang taguri nila na idinudurado ang alahas upang magmukha itong ginto. “Gold plating o yellow gold plating, pagdudurado, pini-plating siya para magka-color siya”

**Pagtutubog**. Ito ay proseso na katulad din ng pagdudurado o plating. Tumutukoy ito sa paglublob sa kemikal na solusyon ng isang alahas upang malinis ang yaring alahas. Ito ang panghuling proseso na inilalagay sa isang solution ng yaring alahas na kung tawagin ay polishing.

> Ang solution, iinitin nila yun, ilulubog. Yung ginto kakapit dun sa tutubugin. Lilinisin ng polisher. Yun na ang finish product na pambenta. (Cirillo)
>
> Gagamit ka ng acid para malinis mo ang alahas. (Estraño)

Magkapareho ang naging deskripsiyon nina Cirillo at Estraño tungkol sa pagtutubog na naglalarawan sa proseso ng paglulublob sa kemikal na solusyon ng isang yaring alahas. Sa prosesong ito, layunin nitong malinis ang pinakayaring alahas tungo sa pinakaangkop na produktong nais ng kostumer nila.

**Paghihinang.** Proseso ng pagpapainit upang mapagkabit ang dalawang metal sa alahas. Ito ang kadalasang serbisyo sa kanilang mga platerya partikular sa mga sirang alahas na nangangailangan ng remedyo. Itinuring itong pangunahing bentahe ng ilang platero kung kaya't hindi nawawalan ng proyekto o pagawa ang mga platerya sa Meycauayan at nagpapanatili ng buhay na industriya nito hanggang sa kasalukuyan.

> Ayon, yung mga nagdudugtong na yon, ano naman yung mga usually nasisiraan ng mga alahas. Yung mga nagpapa-repair pag napuputol yung mga kwintas. Ayon, hinihinang ko. Dinudugtong namin. Kasama na doon sa mga natutunan naming. (Cirillo)

Inilahad niya ang proseso ng pagdurugtong na kung tawagin ay paghihinang. Kadalasan, ito ay para sa mga nasiraan ng alahas na kailangang remedyuhan kagaya na lamang ng pagkakaputol ng kuwintas upang maibalik ito sa dati nitong anyo.

## Pagpapaet sa Karanasang Pangmananara

Bukod-tanging kasanayan na ibinahagi ng mga nakapanayam na mananara ang pamamaraan ng pagsasara sa pagbuo ng alahas. Inilarawan ito ng mga may-akda bilang pagpapaet sa karanasan upang itampok ang paggamit ng paet sa pagsasagawa ng pamamaraang ito.

**Unyas.** Kategorya ng pagsasara na nangangahulugang pag-iipit na nagsasara sa diyamante sa singsing. Ito ang batayang kasanayan na natamo ng mga mananara sa Meycauayan Bulacan na partikular na natutuhan nina Villavicencio at Baribar sa Meycauayan Jewelry Training Center. Sa naturang pasanayan, lubos na nahubog ito ng mga kalahok na mananara at magpahanggang ngayon ay gamay na nila ito. Gumagamit sila ng mga kagamitan gaya ng suwatsoy sa pagguhit ng mga kanal-kanal sa loob ng alahas at maliliit na pliers para sa pangkurba.

> Kapag nag-aaral ka kasi diyan unang kailangan mo papaet. Tapos noong araw kasi yung mga tanso, lalagay mo sa bola ayun katulad ng ginagawa doon. Tapos mag-aaral ka umpisahan mo sa dire-diretso lang. Hanggang sa may konting kurba, unti-unti kasi yan

> eh. Hindi naman isang gabi matutunan mo yan eh. Paghahasa ng paet, unang-una mong pag-aaralan diyan paghahasa ng pamaet. Kapag marunong kana maghasa ng mapaet, kung papaano mo patatakbuhin yung mapaet. Ngayon kung napapatakbo mo nang maayos yung pamaet, kung paano mo pababangunin yung unyas, kung paano mo siya maisasara nang maganda. Patagal nang patagal matutunan mo rin lahat yun. Sa pagsasara na yon. (Baribar)

Nakamit ni Baribar ang kaalaman sa unyas sa pamamagitan ng pagsasailalim sa pasanayan na nagngangalang Meycauayan Jewelry Training Center. Ito ang tinuturing na batayang kasanayan ng mga mananara na magpahanggang ngayon ay naging gamay na nila sa industriya. Gumagamit sila ng mga kagamitan gaya ng suwatsoy o maliit na pamaet sa pagguhit ng mga kanal-kanal sa loob ng alahas at maliliit na pliers para sa pagkurba.

> Ano, frong setting. De unyas sa Tagalog. Pag mga sa mall frong setting pero kaming mga platero lang ang term namin diyan mga de unyas. (Villavicencio)

Inilahad ni Villavicencio ang pagkakaiba ng tawag sa unyas, sa mall o sa makabagong termino ay frong setting ang taguri rito subalit sa mga katulad nilang nasa hanay ng pag-aalahas at pagiging bihasa na sa industriya ay de-unyas ang tawag nila dito.

| Mga Kalahok | Kultural na Kapital sa Link ng Operasyon | |
|---|---|---|
| | Mga Naratibo ng Kasanayang Pamplatero (Pagtutunaw ng Metal, Pagmomolde, Pagdudurado, at Pagtutubog) | Naratibo ng Kasanayang Pangmananara (Unyas) |
| Cirillo | ✓ | |
| Villavicencio | | ✓ |
| Estraño | ✓ | |
| Lapalad | ✓ | |
| Baribar | | ✓ |

**Talahanayan 6.** Mga Dominanteng Naratibo ng Kapital sa Link ng Operasyon

Matutunghayan sa Talahanayan 5 ang mga dominanteng naratibo ng kapital sa link ng operasyon. Nakalatag ang mga temang mga karanasang pamplatero; pagtutunaw ng metal: pagmomolde, pagdudurado, at pagtutubog. Kasama rin ang temang pagpapaet sa karanasang pangmananara na tanging tinagurian nilang unyas.

## Mga Naratibo ng Dominanteng Kapital sa Link ng Papalabas na Lohistika

Sa pagtuklas sa mayamang karanasan ng mga kalahok na mag-alahas, nangingibabaw sa bahaging ito ang mga nabuong ugnayan sa mga kostumer o kliyente upang maihatid ang mga yaring alahas, gayundin ang pagkakamit ng katanyagan na inilarawan ng mga may-akda sa proseso ng pagdudurado.

### Paghihinang sa Ugnayang Kliyente-Mag-aalahas

Matapos ang matagumpay na pagbuo ng alahas, ito ay direkta nang ibinibigay sa mga kliyente ng mga kalahok batay sa kanilang napag-usapan at napagkasunduang uri ng alahas. Lubhang mahalaga ang pagkakaroon ng matibay na tiwala ng mga mag-aalahas sa kanilang mga kliyente o mamimili. Sapagkat bilang maliit na pagawaan, hindi gaanong kumukuha ng ibang kaparehang institusyon o ahensiya na nakatalaga sa paghahatid o delivery nito sa mga bentahan. Parehong pagawaan at bentahan ng alahas ang itinatag na negosyo nina Cirillo, Lapalad, at Estraño na mga bihasa na sa industriya.

> Oo, koneksiyon. Number 1 kasi tiwala. Kasi ayon yung una talaga yon. Di baleng iwan nila yung mga item na alahas nila alam nilang secured. Hindi namin papalitan, hindi namin kukunin, hindi namin lolokohin, ganon. Kaya secured. Kaya ang isip nila tiwala talaga. (Cirillo)

Upang makamit ang pagkakaroon ng tiwala, unang-unang itinatatag ni Cirillo ay ang tiwala sa kanila sa pagpapagawa ng alahas. Ika nga ay napakahalaga ng koneksiyon sa pakikipag-ugnayan sa mga naging kliyente nila at ito ang nagpapatuloy sa mabungang transaksiyon ng kanilang industriya. Pagkatapos, ang mga yaring alahas ay kinukuha at dinadala ng mga kliyenteng nagpapagawa para ibenta sa kanilang mga mamimili.

> Dapat talaga may koneksiyon ka talaga. Lalo na sa mga bilihan ng ginto, san bilihan ng gamit. Direct sa client, magpapagawa. Iskedyul mo na lang yun. Fully paid pagbalik. Una, tatanggapin mo yun alahas, magpe-presyohan kayo. Papakita mo yun mga katalog. Diyan may katalog kame diyan. Tapos, "alin ho ba dito?" Kami tinatantiya namin kung anong timbang, presyo niya per gram. Minsan 10 grams, minsan may 10% loss ipapatong mo yun sa kostumer. Tapos nun may ginto siya, kung wala naman sa amin. Dun kame mamumuhunan, syempre dapat may deposit din sila. Dagdag pambili. For security. Para kunin nila talaga. (Estraño)

Ika nga, nakasalalay sa mga kliyente o mamimili ang kabuoang takbo ng alahasan na ayon kay Estraño ito ay kapwa pamumuhunan ng kliyente at mag-aalahas at direkta na ito sa nakasundong kliyente. Lubhang mabisang praktika na maging sa ibang negosyo ay mahalagang pundasyon din sa pagpapanatili ng buhay na daloy ng transaksiyon.

Sa ganitong paraan din nakabuo ng maraming suki si Lapalad na nagpapagawa ng alahas: "Oo yung kostumer, yung tiwala kaya babalik at babalik sila." Ang mga nagpapagawa ay nagmumungkahi sa ibang potensiyal na mamimili upang magpagawa ng alahas. Walang kaparehang institusyon ang mga katulad nina Cirillo, Lapalad, at Estraño kundi direkta sa tao ang kanilang transaksiyon.

## Pagdudurado sa Katanyagang Mag-aalahas

Katulad ng proseso ng pagdudurado, bumalot na sa katauhan ng mga kalahok ang katanyagan bilang mag-aalahas. Nagbunga ito sa pananatili sa industriya sa mahabang panahon at sa dami na rin ng nabuong suki at mabuting ugnayan sa kanilang kliyente. Ito ang humugis sa katanyagan ng mga kalahok na mag-aalahas gaya nina Villavicencio, Lapalad, at Estraño na mga platero.

> Naging ano rin kasi yung kumpanya namin madaming sikat na umaano eh. Kagaya nung nakaraan ayon nga lang nakukuha ka ng mga ilang segundo lang. Eh makikita ka ng dati mong pinagtrabahuan, uy kilala ko aniya 'to. Naging extra sa amin to. Di kasi sa dami rin ng pinasukan mo. Nakapasok kasi ako ng Maynila. Naluwas rin ako dati. Na-ano ako ng Cubao, Parañaque,

> Ever Gotesco. Tapos marami rin akong naging kasamahan na mga mananara, platero. (Villavicencio)

***Hugnayan/Referral.*** Ayon sa salaysay ni Villavicencio, madali siyang kinukuha ng mga may-ari ng pagawaan dahil sa mga natamo niyang kaalaman sa pagdisenyo ng alahas. Sa kaso naman ni Lapalad, binabalik-balikan siya ng mga kliyente niya na nais muling magpagawa at magpaayos ng sirang alahas. Nabuo ito sa pamamagitan ng hugnayan/referral ng mga kakilalang nagpapagawa ng alahas.

Ang minanang alahasan naman ni Lapalad ang humubog sa di-matatawarang kahusayan niya sa pamamahala ng alahasan. Ito ang nagpakilala sa kanya sa kanilang lugar kaya hindi sila nawawalan ng kliyente bunga ng pagsasalin-salin ng mga nakakakilala sa kanya.

> Yung mga kakilala-kakilala lang rin. Halimbawa may kakilala ako tapos ipapakilala sa akin ganon. Ay, de kasi diba sabi ko nga sayo, matagal na kami simula hayskul ito na yung pinagkakakitaan namin. Yung iba mga suki-suki na namin talaga. Yung mga bumabalik, aalis tapos babalik lang din sila. Tapos yung mga walk-in naman hindi naman araw-araw may walk-in. (Lapalad)
>
> Dito sa Meycauayan? Kilala na rin, actually na ano na rin kami sa tv eh. Nai-feature na kami sa may *iJuander*. Yung isang kliyente naming inano lang kami. Tapos, ano yung mga regular kostumer, merong ganon yung mga regular na nagpapa ano, ganon na nagpapagawa. Kasi ganon yung hanapbuhay nila eh, diredirecho rin yung hanapbuhay namin. Di rin kami nawawalan ng gawa. (Cirillo)

Dahil sa tagal na rin sa industriya at nakilala na mga suking kostumer, naging tanyag na si Cirillo sa larangan ng pagpaplatero kaya naman hindi sila nawawalan ng proyekto, naipapakilala sila kung kani-kanino at naitampok na rin minsan sa isang palabas sa telebisyon ang kanyang mga gawang alahas. Bunga ng pagkakakilala sa kanya, tuloy-tuloy ang kanilang hanapbuhay sa larangan ng pag-aalahas.

Ayon naman kay Estraño, isa na itong normal na kalakaran na nagbibigay-pagkakalinlanlan sa kanila bilang mga platero at mananara na sa itinagal ng panahong pananatiling sumubok na sa pagiging batikan at bihasang mag-aalahas: “Normal naman yang malalaman nila na isa kang platero, kasi sa tagal ba naman ng paggawa.”

| **Mga Kalahok** | **Panlipunang Kapital** | |
|---|---|---|
| | **Ugnayang Kliyente-Mag-aalahas** | **Pagiging Tanyag na Mag-aalahas** |
| Cirillo | ✓ | ✓ |
| Villavicencio | ✓ | ✓ |
| Estraño | ✓ | ✓ |
| Lapalad | ✓ | ✓ |
| Baribar | ✓ | ✓ |

**Talahanayan 7.** Distribusyon ng Kapital sa Link ng Papalabas na Lohistika

Batay sa Talahanayan 7, nangingibabaw ito bilang mga panlipunan at simbolikong kapital gaya ng kanilang nabuong ugnayan sa mga kliyente o mamimili at ang pagiging tanyag na sa kanila bilang mga bihasa sa larangan ng pag-aalahas. Pangunahing binigyang-diin ng mga kalahok na mag-aalahas ang kahalagahan ng pagkakaroon sa kanila ng tiwala ng mga kliyente. Parehong pamumuhunan ang ginagawa ng mga mag-aalahas at kliyente sa pagpoproseso at pagbubuo ng yaring alahas batay sa kanilang napagkasunduan. Bunga ng ganitong ugnayan, humubog ito ng pagiging tanyag ng mga mag-aalahas sa Meycauayan kung kaya't binabalik-balikan sila ng kanilang mga mamimili. Ito ay sa tulong ng referral na ibinabahagi ng mga kliyente nila sa iba pang potensiyal na kostumer/kliyente.

## Mga Naratibo ng Dominanteng Kapital sa Link ng Pagmamarket at Pagbebenta

Sa bahaging ito, inilarawan ng mga may-akda ang mga nakalap na naratibo na sumasaklaw sa matagumpay na karanasan sa pagbebenta ng mga yaring alahas ng mga kalahok at nagpaigting sa mayamang pakikipagtransaksiyon sa mga kliyente. Nauuri ito sa tatlong nangingibabaw na pamamaraan: Pagawa at Pasadya, Remedyo at Sistema ng Rekomendasyon.

**Pagtutubog sa Pagawa at Pasadya.** Sa matagumpay na transaksiyon ng mga kalahok na mag-aalahas, nagkakaisang ibinahagi ng mga platerong sina Cirillo at Estraño, maging ni Lapalad na may-ari ng alahasan ang patuloy na nagpapagawa sa kanila ng alahas sa pamamagitan ng made-to-order o pagawa. Direkta umano itong ibinibigay ng mga kagaya nilang mag-aalahas sa mga nagpapagawang mamimili at pagkatapos ay ibinibigay na ang kabuoang kabayaran nito. Katulad din ito ng pasadya na kadalasang nasa kagustuhan ng mamimili o kliyente kung anong nais na alahas ang ipapagawa. Ang pagbatay nila sa mga naising disenyo at/o klaseng alahas ay hinahalaw sa mga disenyong nasa internet na susundan ng mga platero sa paggawa ng alahas. Ang yaring alahas ay direktang naibebenta na sa mga nakausap nang kliyente. May ilan lamang na naidi-display nila ito sa kanilang estante ngunit hindi sa buong pagkakataon dala ng pag-iingat at pangangalaga.

Madalas sa karanasan ni Estraño ang mga nagpapa-order ng alahas lalo na kung may pampuhunan sila sa ipapagawa. Direkta itong nakikipag-ugnayan sa katulad niyang platero. "Oo made-to-order, if may puhunan ka magpaorder ka na lang. Puwede ka mag-online."

Ganoon din ang kalakaran sa pagawaan ni Lapalad, sa mga naging suking mamimili nila na may lubos nang tiwala sa kanilang pagawaan. Kapag may magpapagawa, nakikipag-ugnayan din ang mismong mamimili depende sa kung ano ang mapagkakasunduan. Nakasalalay roon ang takbo ng kanilang pagawaan.

> Halimbawa, may nagpapagawa, papagawa ka lang. Kunyare minsan may naghahanap, bebenta mo lang. Pero hindi kami yung talagang nagbebenta, ng pambenta ng marami. Hindi. Hindi kami ganon. Bali, kapag may nagpapagawa, may nag-order, ayon, dun lang kami gagawa. (Lapalad)

Dahil sa referral na transaksiyon, dugtong-dugtong ang proseso ng pagpapagawa sa platerya ni Cirillo pagdating sa paggawa ng alahas. May mga kliyente ang ibang mag-aalahas na mayroong kostumer na ipapagawa

sa pagawaan nina Cirillo, kapag nayari na ito batay sa napag-usapan, direkta naman itong dinadala sa kliyente ng nakipag-ugnayan sa kanilang ibang mag-aalahas.

> Ay usually yung mga ginagawa namin, usually yung mga order na ng mga kostumer. Oo, yung mga gawa kasi namin, order na ng mga nag-aalahas rin na kliyente namin. May kliyente rin sila tapos nag papagawa sa kanila tapos kami naman gumagawa non. Tapos pag natapos na yung pinagawa nila kinukuha nila sa amin tapos dinadala na sa mga nagpagawa sa kanila. (Cirillo)

**Pagpapakinis ng Remedyo**. Dahil repair shop ang mga pagawaan nina Cirillo, Estraño at Lapalad, mas maraming mamimili ang nagpaparemedyo ng kanilang sirang alahas. Ang gawaing ito ay pagdurugtong ng mga nasirang piyesa na maaari ring tubugan o *plating* para magmukhang bago muli.

> Oo, ayon yung mga nagdudugtong na yon, ano naman yung mga usually na sisiraan ng mga alahas. Yung mga nagpapa-repair pag napuputol yung mga kuwintas. Ayon hinihinang ko dinudugtong namin. Kasama na doon sa mga natutunan namin. (Cirillo)

Inilahad dito ni Cirillo na ang pagdurugtong ang pangunahing bentahe nila sa mga kliyente, halimbawa sa mga sirang alahas gustong maging maayos o bago muli. Hinihinang ito ng platerong si Cirillo at iaayon sa napagkasunduan nila ng kliyente.

Ito ang karaniwang serbisyo nina Lapalad sa kanilang mga kliyente. Ang mga serbisyong ito ang nagdaragdag sa kanilang benta na hindi naman nawawalan o naububusan dahil araw-araw may mga nagpapagawa at nagpaparemedyo ng kanilang alahas: "Karaniwan sa amin, hindi kami nagbebenta, puro pagawa lang . . . puro made-to-order lang."

**Paghihinang ng Sistema ng Rekomendasyon.** Isa sa maituturing na matagumpay na nakamit nina Cirillo, Estraño, at Lapalad na may-ari ng alahasan ay ang pagkakaroon ng sistema ng rekomendasyon. Ang

mga kalahok ay nakabuo na ng panlipunang referral dahil sa patuloy na pagrerekomenda sa kanila ng mga suking kliyente, at subok na kalidad ng kanilang serbisyo bunga ng pananatili at katagalan sa industriya. Binabalik-balikan ang mga kalahok na platero at nangangasiwa ng alahasan ng kanilang mga kliyente upang magpagawa ng alahas. Karamihan ay mga OFW na tiyak na nagpaparami ng kanilang kita o benta.

> Tapos ano, yung mga regular na kostumer, merong ganon yung mga regular na nagpapa ano, ganon na nagpapagawa. Kasi ganon yung hanapbuhay nila eh, dire-diretso rin yung hanapbuhay namin. Di rin kami nawawalan ng gawa. (Cirillo)

Binigyang-diin dito ni Cirillo na patuloy ang kanilang hanapbuhay dulot ng patuloy na nagrerekomenda sa kanila ng mga naging regular na kliyente. Nakikilala sila sa husay ng paggawa kaya naman binabalik-balikan sila nito upang magpagawa ulit.

Ayon naman kay Estraño, sa sanga-sangang ugnayan din nakasalalay ang magiging takbo ng transaksiyon mula sa bilihan ng ginto, ng gamit at hanggang sa mga magpapagawang alahas na mga kliyente. Direkta ito at depende sa mapagkakasunduan pangunahin sa paunang bayad hanggang sa kabuoang kabayaran. Maayos na koneksiyon lamang para sa tuloy-tuloy na kalakaran ng kinagisnang industriya.

> Direct sa client, magpapagawa. Iskedyul mo na lang yun. Fully paid pag balik. Dapat talaga may connection ka talaga. Lalo na sa mga bilihan ng ginto, san bilihan ng gamit. (Estraño)

Ang patuloy na rekomendasyon ng mga kilalang kliyente ang susi sa patuloy na takbo ng pagawaan nina Lapalad. Patunay na ito na buhay na buhay ang sistema ng rekomendasyon sa kanilang hanapbuhay sa alahasan na nagkakaisang ibinahagi ng bawat kalahok na mag-aalahas sa Meycauayan, Bulacan: ". . . yung kostumer, yung tiwala, kaya babalik at babalik sila. Yung mga kakilala kakilala lang rin. Halimbawa, may kakilala ako tapos ipapakilala sa akin ganon."

| Mga Kalahok | Panlipunan at Simbolikong Kapital | |
|---|---|---|
| | **Pagawa, Pasadya, at Remedyo** | **Sistema ng Rekomendasyon** |
| Cirillo | ✓ | ✓ |
| Villavicencio | ✓ | ✓ |
| Estraño | ✓ | ✓ |
| Lapalad | ✓ | ✓ |
| Baribar | ✓ | ✓ |

**Talahanayan 8.** Mga Dominanteng Kapital sa Link ng Pagmamarket at Pagbebenta

Batay sa Talahanayan 8, nangingibabaw bilang mga panlipunan at simbolikong kapital ang mga nahabing naratibo na inilarawan bilang pagtutubog sa pagawa at pasadya, pagpapakinis ng remedyo na yaong mekanismo ng mga mag-aalahas upang makabenta sa pamamagitan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang kliyente, gayundin ang paghihinang ng sistema ng rekomendasyon na lubos na nagpatatag ng kanilang reputasyon kung kaya't sanga-sanga na rin ang nagpapagawa sa kanila bunga ng rekomendasyon ng mga kapwa kliyente. Nagkakaroon sila ng benta sa pamumuhunan ng parehong panig o kaya'y pamumuhunan mismo ng mag-aalahas (kung kakilala't suki na ang nagpapagawa). Katulad sa naunang kabanata, batay sa napagkasunduan ay direktang ibinibigay sa mga kliyente ang yaring alahas at kaagad naman itong binibili.

## Pangkalahatang Buod

Naging matingkad ang pagtuon ng pag-aaral sa mga nangingibabaw na karanasan ng mga kalahok na mag-aalahas na nauuri sa mga kapital ni Bourdieu sa bawat link ng value chain ni Porter. Kapansin-pansin ang pamamayagpag ng mga danas na ito na makabuluhang inuri at iniayon ng mga may-akda sa mga proseso ng paglikha ng alahas. Sa huli ang mga nangingibabaw na tema na naihanay bilang kapital ay maituturing na hiyas at haraya ng kalinangan ng lugar ng Meycauayan.

**Mga Naratibong Dominanteng Kapital sa Link ng Papasok na Lohistika.** Lumilitaw sa bahaging ito kung paanong nauuri ang mga danas ng mag-aalahas sa paglinang ng kaalaman at kasanayang natamo sa pamamagitan ng sumusunod na konsepto: pagmamasid at pagtuturo sa bagong manggagawa; pagsasailalim sa sentrong

pasanayan; at pagiging taal na Meycaueño. Pumapangalawa rito ang paghuhubog sa impluwensiyang pag-aalahas tulad ng pagkakaroon ng kamag-anak na mag-aalahas at kakilala/kaibigang mag-aalahas, at panghuli ang pagkalap ng puhunang salapi na nasa mababang halaga lamang na naglalaro mula sampung libo hanggang limampung libong piso. Sa kabuoan, malinaw ang nangingibabaw na kapital ay mga danas na nakaukol sa pinaglinangang kasanayang nakatali sa mayamang pasanayan na nakatalaga lamang sa lugar ng Meycauayan. Nagkakaisang ibinahagi ng mga kalahok na mag-aalahas ang pagtataglay na kultural na kapital ito na pawang puhunan nila sa pagtatatag ng pagawaan ng alahas. Naging kaisa rin ang makabuluhang pagsasalin at pagpapamana ng kaalaman buhat ng impluwensiya ng nasa kabaro sa industriya. Ang mayabong na ugnayan ng mga tagaroon ay lubos na nagpatibay sa katuturan ng kanilang kasanayan na nauuri sa panlipunang kapital. Pinatutunayan ito ng kanilang natamong kaalaman sa pananatili sa industriya, at pagsasaling ito ng kanilang kamag-anak na katulad ng paghuhubog at paglilinang ng mga yaring alahas na hiyas sa makasaysayang lugar na ito.

**Mga Naratibong Dominanteng Kapital sa Link ng Operasyon.** Katulad sa naunang layunin, nangingibabaw rin sa bahaging ito ang mga temang pagbatak sa kasanayang pamplatero: pagtutunaw ng metal: pagmomolde; pagdudurado; at pagtutubog, at ang temang pagpapaet sa kasanayang pangmananara na tinagurian nilang unyas. Makabuluhang inilarawan dito ng mga kalahok ang kani-kaniyang pamamaraan sa paglikha at pagpoproseso ng alahas na kinabitan ng mga katawagang nauugnay sa kanilang praktika katulad ng paet at pambatak (mga kagamitan ng platero at mananara). Samakatuwid, dominante rin ang kultural na kapital ng mga mag-aalahas sa link ng operasyon na yaong kumakatawan sa mga proseso nito. Batay ito sa mahusay na paglalahad ng mga karanasang nagmumula sa kanilang nilinang na kasanayan. Napaghusay ng mga kalahok ang mga temang kasanayan sa pamamagitan ng masusing pagsasanay at pananatili sa industriya sa loob ng mahabang taon.

**Mga Naratibong Dominanteng Kapital sa Link ng Papalabas na Lohistika.** Nasuri naman ng mga mananaliksik sa bahaging ito ang pangingibabaw ng mga karanasang naitampok ng mga kalahok na mag-aalahas – ang paghihinang sa ugnayang-kliyente-mag-aalahas at pagdudurado sa katanyagang pangmag-aalahas. Lubhang binigyang-diin ng mga kalahok na mag-aalahas ang kahalagahan ng pagkakaroon sa kanila ng tiwala ng mga kliyente katulad ng pagpapatibay ng ugnayan ng

dalawang pinagdurugtong na bahagi ng alahas at ang pamumuhunan dito na siyang pinakamahalagang pundasyon na nagbigay-hugis sa pagkakakilanlan at reputasyon sa pagiging mahusay na mag-aalahas kung kaya't binabalik-balikan ng mga parokyano sa tulong na rin ng referral ng mga kliyente sa iba pang potensiyal na kliyente o mamimili. Ito ang nagsilbing panlipunan at simbolikong kapital na naging mahalagang mekanismo sa epektibong pagpapatakbo ng mga transaksiyon sa industriya. Sa konteksto ng pag-aalahas, mahalagang nakaugnay ito sa kultural na industriya na siyang kaakibat ng paglikha ng yaring alahas patungo sa direktang kliyente na mahalagang kabahagi na ng makasaysayang industriya.

**Mga Naratibong Dominanteng Kapital sa Link ng Pagmamarket at Pagbebenta.** Sa bahaging ito, nangibabaw rin ang panlipunan at simbolikong kapital ng mga mag-aalahas na kinakatawanan ng mga temang gaya ng pagtutubog sa pagawa (made-to-order) at pasadya, at pagpapakinis sa remedyo na yaong mekanismo ng mga mag-aalahas upang makabenta sa pamamagitan ng kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang kliyente, gayundin ang paghihinang ng sistema ng rekomendasyon na lubos na nagpatatag ng kanilang reputasyon kung kaya't sanga-sanga na rin ang nagpapagawa sa kanila bunga ng rekomendasyon ng mga kapwa kliyente. Kinabitan ng mga katawagan sa pagpoproseso ng alahas ang mga nabanggit na tema na naglalarawan sa makabuluhang karanasan ng mga kalahok sa pakikipag-ugnayan sa kliyente at direktang pagsasanga-sanga ng kanilang rekomendasyon sa iba pang mamimili. Ang pagkakaroon ng makabuluhang ugnayan ang siyang nagreresulta ng maunlad na transaksiyon ng mga mag-aalahas sa kanilang mga kliyente o mamimili, bagay na lalong bumubuhay sa kanilang industriya. Sa kabuoan, malinaw na nakatuon ang nangingibabaw na panlipunan at simbolikong kapital sa ugnayan ng pagmamarket at pagbebenta na nagpapatunay sa mabungang ugnayan ng mga kalahok at kliyente na naglalandas sa maunlad na industriyang pag-aalahas. Isang representasyon ng buhay na buhay at produktibong industriya ng lungsod na nagpapatuloy pa sa kasalukuyan.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Mula sa naging resulta ng ginawang pagsusuri, napatunayan ng mga mananaliksik ang dinamika ng mga kapital ng mga mag-aalahas na saklaw ang kultural, pang-ekonomiko, panlipunan, at simboliko sa bawat link ng value chain sa kabuoan ng pag-aaral. Pinagtibay ito mula sa paglitaw ng mga temang gaya ng paglinang

ng mga kasanayan at kaalaman sa pag-aalahas na nakamit sa pamamagitan ng pagmamasid at pagiging apprentice, pagsasailalim sa sentrong pasanayan at pagiging kaanib ng industriyang humubog sa kanilang kaalaman at kasanayan. Ang mga kultural na kasanayan at kaalamang ito ang nagsilbing puhunan nila upang makapagtatag ng pagawaan at mapagyaman ito sa paglipas ng panahon. Pinatingkad pa nito ang makabuluhang danas ng mga kalahok kung paano nila nakamit ang kaalaman mula sa impluwensiya ng mga kamag-anak at kaibigan na sa lipunang Pilipino ay mahalagang yunit sa pagtataguyod ng maunlad na pamayanan. Nagbigay-kulay rin ang mga makabuluhang pag-aangkop ng mga pamamaraan sa paglikha ng alahas kagaya ng paghuhubog at paglinang na siyang mga inisyal na pamamaraan sa pagbuo ng alahas upang lubusang maitampok ang kanilang makahulugang karanasan.

Namamalas din ang kasanayan ng mga mag-aalahas na platero at mananara sa pagsasagawa nila ng pamamaraan sa paglikha ng alahas na nasipat sa nilinang nilang kaalaman at kasanayan. Makabuluhang iniangkop din sa bahaging ito ang mga katawagan gaya ng pagbatak at pagpapaet (mga kagamitang pamplatero at pangmamanara) upang mailarawan ang kanilang mayamang karanasan sa pagbuo at pagpoproseso ng yaring alahas. Hinubog ito ng kanilang karanasan na binigyang-diin ng mga kalahok tulad ng mga kasanayan sa pagtutunaw ng metal, pagmomolde o paghuhubog ng alahas, pagtutubog, pagdudurado at paghihinang. Ito ang mga prosesong nagpatingkad sa kanilang kultural at makabuluhang danas sa makasaysayang industriya na ito.

Hindi rin mapasusubalian ang maunlad at aktibong pakikipag-ugnayan ng mga mag-aalahas sa kanilang kliyente para sa paghahatid nang direkta sa mga yaring alahas. Kagaya ng paghihinang ng bahagi ng alahas at pagtutubog upang maging lantay na ginto ang isang metal, makabuluhang ibinandila ng mga kalahok na mag-aalahas ang kanilang mga ugnayan sa kliyente na maituturing na kabahagi ng kanilang maunlad na proseso ng pagpapayabong sa kanilang industriya. Nakabuo pa nga ng sistema ng rekomendasyon na bagay na nagpapanatili ng maunlad na transaksiyon. Napapanatili ang kanilang benta kahit na mumunti ang kanilang pagawaan at hindi gaanong malakas ang makinarya para rito. Mahalagang praktis na ito sa pagpapayabong ng mahalagang hiyas na industriya ng buong Meycauayan, Bulacan.

Sa puntong ito, malaki ang pinanghahawakan ng mga mananaliksik hinggil sa kahalagahan ng mga natuklasang konseptong ito upang lubos na mapangalagaan ang pag-aalahas bilang mahalagang makinarya sa pagpapaunlad ng lokal na industriya. Sa tulong ng makabuluhang danas ng mga mag-aalahas at aktibong pagpapahusay ng kanilang kaalaman, magiging daan ito sa paglingap sa lokal na industriya tungo sa aktibong produksiyong ito.

Mahalagang matanto ang modelong ito ng pag-aaral bilang mahahalagang praktis at ideolohiyang kultural tungo sa makabuluhang kalinangang pambayan na kaugnay ng banyagang kaisipan at pagsasakonteksto nito sa lokal na industriya.

Pagkatapos maisagawa ang pag-aaral na ito, buong pagpapakumbabang iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod:

Una, makabuluhang magsagawa pa ng mga pag-aaral sa iba pang sentro ng pag-alalahas na nakatalaga sa iba pang rehiyon ng bansa. Dito maaaring maihambing ang resulta ng kanilang danas at esensiyal na konseptong kultural na lubos na makapaglalarawan sa maunlad na pambansang industriyang ito.

Ikalawa, mainam na masaklaw rin ang katayuang pagganap sa usapin ng kalakasan ng industriya sa larangan ng iba pang erya ng pagbebenta at pagmamarket upang lubos na makapagsagawa ng mga pag-aaral na hahantong sa paghahain ng mga interbentibong programang pang-industriya.

Ikatlo, nararapat ding sipatin ng susunod na mananaliksik ang gampanin ng makabagong teknolohiya sa pagpapalawak ng kanilang network, sa aspekto ng pamamahala ng malalaking pagawaan ng alahas na sa kaso ng kasalukuyang pag-aaral ay tumuon lamang sa maliliit na pagawaan ng alahas.

Ikaapat, mariing iminumungkahi ang pagpapalawig ng pag-aaral tungkol sa komprehensibong pagmamay-ari ng negosyong alahasan sa Pilipinas. Ang mga resultang isiniwalat ng pag-aaral ay malaking ambag upang mas maunawaan ang dinamiko ng pagpapatuloy ng negosyong pampamilya sa bansa, lalo na sa usapin ng pag-aalahas sa iba’t ibang bahagi ng bansa. Interesanteng suriin ang pagkakaiba-iba ng mga kultural na praktis sa ilalim pa rin ng kapital na taglay ng mga negosyong lokal at kultural na ito.

Ikalima, magkaroon ng bukod na pag-aaral na nakatuon lamang sa estruktura ng industriya ng pag-aalahas gamit ang konstrak ng value chain process ni Porter upang madalumat nang mabuti ang balangkas ng mga transaksiyon at pakilusang pangnegosyo bilang isa sa mga industriya sa Pilipinas.

Ikaanim, isa pang rekomendasyon ang pagsusuri sa mga kapital ng mga pinuno ng mga malalaking negosyo ng pag-aalahas na siyang makapagbibigay ng ganap na paglalarawan sa makabuluhang balangkas ng industriya at makapagbibigay ng mga haing konsepto at praktis hinggil sa pagpapaunlad ng lokal na industriya.

## Mga Sanggunian


Ang Lumang Bayan ng Meycauayan. Ang Tubong Meycauayan, 2021. www.facebook.com/568453066664096/photos/a.11929470342. Accessed 23 Mar. 2021.

Almazan, Cynthia V., et. al. “Sustainable Contracts in the Bottled Tawilis Value Chain in Taal, Batangas, Philippines.” *Journal on Food System Dynamics,* vol. 2, no. 4, 2011, pp. 1-11.

Asia Society. *Philippine Gold: Treasures of Forgotten Kingdoms, 2016.* goo.gl/LwL6iA. Accessed 8 Apr. 2021.

“Brief History of Meycauayan”. Everything about Meycauayan, 2019, www.cityofmeycauayanbulacan.gov.ph/?page=cityInfo. Accessed 10 Apr. 2019.

Bourdieu, Pierre. “The Forms of Capital.” *Handbook of Theory and Research for The Sociology of Education,* Edited by J. G. Richardson, Greenwood Press, 1986, p. 46.

Brumana, Mara. “Family Firms, Symbolic Capital, and Venturing Processes: Evidence from Six Italian Case Studies.” 11th Workshop on Family Firm Management Research Shifting boundaries in family firm research Lyon, France, 2015.

Canilao, Michael Armand P. *Ang Ginto ng Tagalog at ang Teknolohiya sa Pagmimina Nito.* Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binabat na Tanso ng Laguna, BAKAS & Pila Historical Society Foundation, 2013. p. 311.

Chua, Michael Charleston “Xiao” B. Chua. “Gintong Pamana ng mga Ninuno Natin.” 2012. xiaochua.net/2012/10/10/xiaotime-9-october-2012-gintong-pamana-ng-mga-ninuno-natin/. Accessed 31 Mar. 2024.

Dela Cruz, Elizabeth. *Sulong pa, Meycauayan, Mga Pangunahing Hanapbuhay at Industriya.* Aklat Pang-alaala sa Pagdiriwang ng ika-420 taong Pagkakatatag ng Bayang Meycauayan. Meycauayan City Hall Main Library.

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III, at Analiza D. Resurreccion. *Si Mara, Si Tara, at si Vhaya: Tatlong Case Study tungkol sa Batangueñang E-trepreneurship Gamit bilang Lente ang Teorya ng mga Kapital ni Pierre Bourdieu. MALAY Research Journal* vol. 33, no. 2, 2021, pp. 58-73. www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-33/2/5-demeterio.pdf.

Demeterio, Feorillo Petronilo A. III at Faye N. Fuentes. *Paghahablon sa Miagao, Iloilo: Pagsusuri sa mga Isinasagawang Estratehiya para sa Muli Nitong Pagpapalakas. Humanities Diliman,* vol. 18, no. 1, 2021, pp. 60-98. journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/7727/6735.

Demeterio, Feorillo Petronillo A. III, at Leslie Ann L. Liwanag. “Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino”. *Kritike An Online Journal of Philosophy* vol. 8, no., 2014, pp. 19-46. www.kritike.org/journal/issue_15/demeterio&liwanag_december2014.pdf.

Gatbonton, Esperanza B. *Kalinangang Pinanday sa Ginto: A Cultural History of Gold in Philippine Society.* 2013. U of the Philippines Diliman, PhD dissertation.

Glover, Jane. “Capital Usage in Family Farm Businesses.” *Journal of Family Business Management,* vol. 3, no. 2, 2013, pp. 136-62, doi.org/10.1108/JFBM-01- 2013-0001.

Israel, Danilo at David Feliks Burnao. *Value Chain Analysis of the Wood Processing Industry in the Philippines*. Philippine Institute for Development Studies, 2017.

"Kasaysayan ng Bayan ng Meycauayan, Bulacan." *City Profile: Kasaysayan*, 2021. www.cityofmeycauayanbulacan.gov.ph/?page=cityInfo. Accessed 18 June 2021.

Labrador, Chinggay. *A Brief History of Jewelry in the Philippines*. 2016. nolisoli.ph/2244/a-brief-history-of-jewelry-in-the-philippines/. Accessed 18 June 2021.

Lopez, Salvador P. *Isles of Gold: A History of Mining in the Philippines*. Singapore: Oxford UP. 1992, p. 23.

Magcawas, Annalyn T. *Work of Our Hands: Case Studies of Select Handmade Jewelry Manufacturers in the Philippines, Their Investment on Human Capital Development, and Its Impact on Employee Productivity*. 2017. De La Salle University, MS Entrepreneurship Thesis.

"Major Industries". Province of Bulacan Official Website 2007. Accessed 23, Mar. 2021 www.bulacan.gov.ph/business/jewelry.ph.

"Pre-colonial Philippines: Our Unknown History", 2013. precolonialphilippines.blogspot.com/2013/10/07-lingling-o.html. Accessed 19 Oct. 2021.

Porter, Michael. "The Value Chain and the Competitive Advantage". *Understanding Business: Processes,* Routledge 2001.

Resurreccion, Analiza D. *Komunikasyon at Panlipunang Reproduksiyon Sa Likod ng mga Piling Negosyong Pagmamay-ari ng Pamilya sa Lalawigan ng Batangas* 2020. De La Salle University, Ph.D in Philippine Studies Dissertation.

Rivera, John Paolo R., at Eylla Laire M. Gutierrez. "A Framework toward Sustainable Ecotourism Value Chain in the Philippines." *Journal of Quality Assurance in Hospitality & Tourism*, vol. 20, no. 2, 2018, pp. 123–42.

"Tambourin Jewelry – A Little Bit of History". *Tambourin Jewelry Wear a Piece of History.* 2012. tambourinejewelry.wordpress.com/2012/10/15/tamborin-jewelry-a-little-bit-of-history/. Accessed 15 Oct. 2021.

Tarver, Evan. "Value Chain vs. Supply Chain: What's the Difference?" 2020. www.investopedia.com/ask/answers/043015/what-difference-between-value-chain-and-supply-chain.asp. Accessed 24 Apr. 2021.

Tiongson, Jaime F. *The Laguna Copperplate Inscription: A new Interpretation Using Early Tagalog Dictionaries.* Paper read at the 8th International Conference on Philippine Studies, 23-26 July 2008. Quezon City

Veneracion, Jaime B. "Kasaysayan ng Bulakan". Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986. Cologne, Germany.

Villegas, Ramon N. "Ginto: A Treasure of Philippine Heritage". Bangko Sentral ng Pilipinas, www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Publications/Ginto.pdf. Accessed 20 Aug. 2024.

Villegas, Ramon N. *Sining ng Panahong Ginintuan (Art of a Golden Age)*, National Library of the Philippines, Raintree Trading and Publishing, Inc., 1999.

Villejo, Vladimir B. "Panimulang Rehistro ng Wika sa Industriyang Pag-aalahas ng Barangay Calvario sa Lungsod ng Meycauayan, Bulacan" *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino* vol. 28, no. 1, 2022, p. 97–98.

Yamashita, Haruko, at Evelyn Belleza. "The Value Chain for Philippine Tuna Commodity: Recent Developments and Future Directions". *International Institute of Fisheries Economics and Trade,* 2008.

## Mga Panayam

Baribar, Jipher. Personal na panayam. 10 Oct. 2022.
Cirillo, Roberto. Personal na panayam. 20 Sept. 2022.
Estraño, Edgar. Personal na panayam. 20 Sept. 2022.
Lapalad, Sally. Personal na panayam. 10 Oct. 2022.
Villavicencio, Francisco. Personal na panayam. 12 Sept. 2022.

---

Si **Vladimir B. Villejo** (vladimir_b_villejo@dlsu.edu.ph) ay katuwang na propesor sa National University, Philippines. Kasalukuyan siyang kumukuha ng Doktorado ng Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya – Erya ng Riserts. Nagtapos siya ng Master sa Sining sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Nakapaglathala na rin siya ng mga artikulo at akda sa mga refereed journal gaya ng Salin Journal ng organisasyong PATAS, Daluyan Journal: Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman at ng Filipinolohiya Journal, Kagawaran ng Filipinolohiya, PUP Manila.

Si **Dr. Leslie Anne L. Liwanag** (leslie.liwanag@dlsu.edu.ph) ay kawaksing propesor sa De La Salle University School of Innovation and Sustainability. Naging bisitang propesor siya sa Pananaliksik sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington,D.C. , United States of America mula 2021 hanggang 2023, Divinity School of Chung Chi College, Chinese University of Hong Kong noong 2024. Kasalukuyan siyang Research Fellow of the Overseas Ministries Study Center at Princeton Theological Seminary, United States of America.